# Ang Muog ng Muslim Ilan sa mga Panalangin mula sa Qur'an at Sunnah

**Dr. Sa`īd ibnu `Alīy bin Wahaf Al-Qaḥṭānīy**

**Sa ngalan ni Allah, ang Mahabagin, ang Maawain**

## Ang Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah; nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya, at humihingi tayo ng tawad sa Kanya.Nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga kasagwaan ng mga gawain natin.Ang sinumang pinatnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanyaat ang sinumang ipaliligaw Niya ay walang makapagpapatnubay sa kanya.Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.Pagpalain siya at pangalagaan ni Allah nang madalas sampu ng mag-anak niya, mga Kasamahan niya at sinumang sumunod sa kanila nang mahusay hanggang sa Araw ng Paggagantimpla.

Sa Pagsisimula

Ito ay isang pinaiksing edisyon na hinalaw ko sa aklat ko na pinamagatang adh-Dhikru wa ad-Du`ā' wa al-‘Ilāj bi -r-Ruqā min al-Kitāb wa as-SunnahPinaiksi ko rito ang bahaging kaugnay sa mga dhikr upang maging magaang dalhin sa mga paglalakbayNilimitahan ko sa teksto ng dhikr ang pagsipi at nagkasya ako sa pagtunton nito sa pamamagitan ng pagbanggit ng isa o dalawang sangguniang matatagpuan sa batayang aklat.Ang sinumang nagnais na malaman ang Sahābi na [nagsalaysay ng Hadīth] o ng karagdagang kaalaman sa pagtunton [ng Hadīth] ay mangyaring sumangguni siya sa batayang aklat.Hinihiling ko kay Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, sa pamamagitan ng napakagagandang mga pangalan Niya at mga mataas na katangian Niya na gawin Niya ito na isang wagas na ukol sa marangal na mukha Niya, na dulutan Niya ako ng pakinabang sa pamamagitan nito sa buhay ko at sa pagkamatay ko, na dulutan Niya ng pakinabang ang sinumang bumasa nito o nagpalimbag nito o naging dahilan ng pagkalathala nito.Tunay na Siya, napakamaluwalhati Niya, ang tagapagpaganap niyon at ang Nakakakaya niyon.Pagpalain ni Allah at pangalagaan ang Propeta nating si Muhammad sampu ng mag-anak niya, mga Kasamahan niya, at sinumang sumunod sa kanila nang mahusay hanggang sa Araw ng Paggagantimpala.

Ang May-akda

Isinulat sa buwan ng Ṣafar, 1409

## Ang Kainaman ng Dhikr

Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya:

Kaya alalahanin ninyo Ako, aalalahanin Ko rin kayo. Magpasalamat kayo sa Akin at huwag kayong tumanggi.

O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas na pag-aalaala,

at ang mga lalaking umaalaala at ang mga babaing umaalaala kay Allah nang madalas ay naghanda si Allah para sa kanila ng kapatawaran at dakilang gantimpala.

Alalahanin mo ang Panginoon mo sa sarili mo nang may pagpapakaaba at pangamba at nang walang kalakasan sa pagsasabi sa mga umaga at mga hapon, at huwag kang maging kabilang sa mga nakalilingat.

Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang paghahalintulad sa isang umalaala sa Panginoon niya at isang hindi umalaala sa Panginoon niya ay ang paghahalintulad sa buhay at patayNagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Hindi ko ba ibabalita sa inyo ang pinakamainam sa mga magagawa ninyo, ang pinakadalisay sa mga ito para sa May-ari sa inyo, ang pinakaangat sa mga ito sa mga antas ninyo, pinakamainam para sa inyo kaysa sa paggugol ng ginto at pilak, at pinakamainam para sa inyo kaysa sa pakikipagtagpo ninyo sa kaaway ninyo at tatagain ninyo ang mga leeg nila at tatagain nila ang mga leeg ninyo? Nagsabi sila: Opo. Nagsabi siya: Ang pag-alaala kay Allah.Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"Nagsasabi si Allah, pagkataas-taas Niya: Ako ay ayon sa palagay ng lingkod Ko sa Akin at Ako ay kasama niya kapag binanggit niya Ako. Kaya kung binanggit niya Ako sa sarili Niya ay binanggit Ko rin siya sa sarili Ko. Kung binanggit niya Ako sa isang madla ay binanggit Ko rin siya sa isang madla na mainam kaysa sa kanila. Kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang dangkal ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng

isang bisig. Kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang bisig ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng isang dipa. Kung pumunta siya sa Akin na naglalakad ay pumunta naman Ako sa kanya nang payagyag.Ayon kay ‘Abdullah ibnu Busr kalugdan siya ni Allah:"May isang lalaki na nagsabi: O Sugo ni Allah, tunay na ang mga pagsambang kusang isinagawa sa Islam ay naging marami nga para sa akin kaya magpabatid ka sa akin ng isang bagay na panghahawakan ko. Nagsabi siya: Huwag ititigil ang dila mo sa pagiging basa dahil sa pag-alaala kay Allah."at nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."Ayon kay ‘Uqbah ibnu ‘Āmir kalugdan siya ni Allah:"Lumabas ang Suso ni Allah (SAS) samantalang kami ay nasa Suffah at nagsabi: Alin sa inyo ang ibig pumunta sa umaga sa Bat'hān o sa ‘Aqīq bawat araw at mag-uuwi mula roon ng dalawang babaeng kamelyong may malaking umbok nang hindi [nakagagawa ng] kasalanan ni paglagot ng ugnayan sa kaanak? Kaya nagsabi kami: O Sugo ni Allah, ibig namin iyon. Nagsabi siya: Hindi ba pupunta ang isa sa inyo sa masjid at makaalam o bumigkas ng dalawang talata mula sa Aklat ni Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan? Iyon ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa dalawang babaeng kamelyo. Ang tatlong talata ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa tatlong kamelyo. Ang apat na talata ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa apat na kamelyo at kaysa sa [anumang] mga bilang ng mga kamelyong ito."Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"Ang sinumang naupo sa isang upuan na hindi nag-alaala kay Allah roon ay magkakamit siya mula kay Allah ng isang hinagpis. Ang sinumang nahiga sa isang higaan na hindi nag-alaala kay Allah roon ay magkakamit siya mula kay Allah ng isang hinagpis."At nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"Kapag may umupong mga tao sa isang pagtitipon, na hindi nag-alaala kay Allah roon at hindi dumalangin ng basbas para sa Propeta, ay magkakamit sila ng isang hinagpis. Kaya kung loloobin Niya ay pagdurusahin Niya sila at kung loloobin Niya ay patatawarin Niya sila."Nagsabi siya, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"Kapag may mga taong tumindig mula sa inupuan na hindi nag-alaala kay Allah roon ay tatayo sila mula sa tulad ng nabubulok na asno at magkakait sila ng isang hinagpis."

## Ang mga Dhikr Pagkagising

Alḥamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi -nnushūr. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang pagkabuhay.)

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr, subḥāna --llāh, wa -lḥamdu lillāh, wa lā ilāha illa -llāhu wa -llāhu akbar, wa lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāhi -l`alīyi -l`ađīm, rabbi -ghfir lī. (Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Napakamaluwalhati ni Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah. Walang Diyos kundi si Allah. Si Allah ay Pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah, ang Mataas, ang Sukdulan. O Panginoon ko, patawarin Mo ako.)

Alḥamdu lillāhi -lladhī `āfānī fī badanī, wa radda `alayya rūḥī, wa adhina lī bidhikrihi. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nangalaga sa akin sa katawan ko at nagsauli sa akin ng kaluluwa ko at nagpahintulot sa akin sa pag-alaala sa Kanya.)

Inna fī khalqi -ssamāwāti wa -l'arḍi wa -khtilāfi -llayli wa -nnahāri la'āyatil li'uli -l'albāb, (Tunay na sa pagkalikha ng mga langit at lupa at pagsasalitan ng gabi at araw ay talagang may mga tanda para sa may mga pag-iisip.)

alladhīna yadhkurūna -llāha qiyāman wa qu`ūdan wa `alā junūbihim wa yatafakkarūna fī khalqi -ssamāwāti wa -l'arḍi rabbanā mā khalaqta hādhā bāṭilan subḥānaka faqinā `adhāba -nnār, (na mga umaalaala kay Allah habang nakatayo o nakaupo o nakahiga sa mga tagiliran nila at nag-iisip-isip sa pagkalikha ng mga langit at lupa. Sinasabi nila: "Panginoon namin, hindi Mo nilikha ito nang walang saysay; kaluwalhatian sa Iyo kaya ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Impiyerno.)

rabbanā innaka man tudkhili -nnāra faqad akhzaytah, wa mā liđđālimīna min anṣār, (Panginoon namin, tunay na Ikaw ay talaga ngang dumusta sa sinumang ipinasok Mo sa Apoy. Ang mga palalabag sa katarungan ay walang anumang mga tagatulong.)

rabbanā innanā sami`nā munādiyan yunādī lil'īmāni an āminū birabbikum fa'āmannā, rabbanā fa-ghfir lanā dhunūbanā wa kaffir `annā sayyi'ātinā wa tawaffanā ma`a -l'abrār, (Panginoon namin, tunay na kami ay duminig sa isang tagapanawagan na nananawagan sa pagsampalataya, [na nagsasabi:] "Sumampalataya kayo sa Panginoon ninyo," kaya sumampalataya kami. Panginoon namin, kaya patawarin Mo kami sa mga pagkakasala namin at pagtakpan Mo kami sa mga masamang nagawa namin at papanawin Mo kami kasama ng mga nagpapakabuti.)

rabbanā wa ātinā mā wa`attanā `alā rusulika wa lā tukhzinā yawma -lqiyāmah; innaka lā tukhlifu -lmī`ād, (Panginoon namin, ibigay Mo na sa amin ang ipinangako Mo sa mga sugo Mo at huwag Mo kaming dustain sa Araw ng Pagbangon; tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa pangako.)

195. fa-stajāba lahum rabbuhum annī lā uḍī`u `amala `āmilin minkum min dhakarin aw unthā: ba`ḍukum mim ba`ḍin: fa-lladhīna hājarū wa ukhrijū min diyārihim wa ūdhū fī sabīlī wa qātalū wa qutilū la'ukaffiranna `anhum sayyi'ātihim wa la'udkhilannahum jannātin tajrī min taḥtiha -l'anhāru thawābam min `indi -llāh; wa -llāhu `indahu ḥusnu -ththawāb, (Kaya tinugon sila ng Panginoon nila: "Tunay na Ako ay hindi magsasayang ng gawa ng isang gumagawang kabilang sa inyo, isang lalaki man o isang babae. Kayo ay mula sa isa't isa. Kaya ang mga nagsilikas, mga pinalayas mula sa mga tahanan nila, mga sinaktan alang-alang sa Akin, mga nakipaglaban, at mga napatay; tunay na pagtatakpan Ko sila sa mga masamang nagawa nila at tunay na papapasukin Ko sila sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog, isang gantimpala mula kay Allah. Si Allah ay may magandang gantimpala.)

lā yaghurrannaka taqallubu -lladhīna kafarū fī -lbilād, (Huwag ka ngang malinlang ng pinagkakaabalahan ng mga tumangging sumampalataya sa bayan.)

matā`un qalīlun thumma ma'wāhum jahannam, wa bi'sa -lmihād, (Isang kasayahang kakaunti, pagkatapos ang kanlungan nila ay Impiyerno. Kaaba-abang himlayan!)

198. lākini -lladhīna -ttaqaw rabbahum lahum jannātun tajrī min taḥtiha -l'anhāru khālidīna fīhā nuzulam min `indi -llāhi; wa mā `inda -llāhi khayrul lil'abrār, (Subalit ang mga nangilag magkasala sa Panginoon nila ay magkakamit ng mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog, magsisipanatili sa mga ito bilang pang-aliw mula kay Allah. Ang anumang nasa kay Allah ay mainam para sa mga nagpapakabuti.)

199. wa inna min ahli -lkitābi laman yu'minu bi-llāhi wa mā unzila ilaykum wa mā unzila ilayhim khāshi`īna lillāhi lā yashtarūna bi'āyāti -llāhi thamanan qalīlā; ulā'ika lahum ajruhum `inda rabbihim; inna -llāha sarī`u -lḥisāb, (Tunay na mayroon sa mga May Aklat na talagang sumasampalataya kay Allah at sa ibinaba sa inyo at sa ibinaba sa kanila, mga nagpapakumbaba kay Allah — hindi nila ipinagpapalit ang mga Kapahayagan ni Allah sa katiting na halaga. Ang mga iyon ay magkakamit ng kabayaran nila buhat sa Panginoon nila. Tunay na si Allah ay mabilis magtuos.)

200. yā'ayyuha -lladhīna āmanū -ṣbirū wa ṣābirū wa rābiṭū wa -ttaqu -llāha la`allakum tufliḥūn. (O mga sumampalataya, magtiis kayo, humigit kayo sa pagtitiis, magbantay kayo sa hangganan, at mangilag kayong magkasala kay Allah nang harinawa kayo ay magtagumpay.)

## Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Damit

Alḥamdu lillāhi -lladhī kasānī hādha -ththawba wa razaqanīhi min ghayri ḥawlim minnī wa lā qūwah. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpadamit sa akin ng [damit na] ito at nagkaloob nito sa akin nang walang kapangyarihan ni lakas mula sa akin.)

## Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Bagong Damit

Allāhumma laka -lḥamdu anta kasawtanīhi, as'aluka min khayrihi wa khayri mā ṣuni`a lahu, wa a`ūdhu bika min sharrihi wa sharri mā ṣuni`a lahu. (O Allah, ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay nagpadamit sa akin nito. Humihingi ako sa Iyo ng kabutihan nito at kabutihan ng pagkagawa nito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito at kasamaan ng pagkagawa nito.)

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsuot ng Bagong Damit

Tublī wa yukhlifu -llāhu ta`ālā. (Lumain mo nawa at palitan nawa ni Allah, pagkataas-taas Niya.)

Ilbis jadīdan, wa `ish ḥamīdan, wa mut shahīdā. (Magsuot ka nawa ng bago, mabuhay ka nawa na kapuri-puri, at mamatay ka nawa na isang martir.)

## Ang Sasabihin Bago Maghubad ng Damit

Bismi -llāh. (Sa ngalan ni Allah.)

## Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palikuran

Bismi -llāh, allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkhubthi wa -lkhabā'ith. (Sa ngalan ni Allah; o Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.)

## Ang Du`ā' sa Paglabas sa Palikuran

Ghufrānak. ([Hinihingi ko] ang kapatawaran Mo.)

## Ang Dhikr Bago Magsagawa ng Wudū'

Bismi -llāh. (Sa ngalan ni Allah.)

## Ang Dhikr Matapos Magsagawa ng Wudū'

Ashhadu an lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, wa ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa rasūluh. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)

Allāhumma -j`alnī mina -ttawwābīna, wa -j`alnī mina -lmutaṭahhirīn. (O Allah, gawin Mo ako na kabilang sa mga palabalik-loob at gawin Mo ako na kabilang sa mga nagpapakalinis.)

Subḥānaka -llāhumma wa biḥamdik, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa atūbu ilayk. (Napakamaluwahati Mo, o Allah, kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng kapatawaran sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)

## Ang Dhikr sa Paglabas ng Bahay

Bismi -llāh, tawakkaltu `ala -llāh, wa lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh. (Sa ngalan ni Allah; nanalig ako kay Allah, at walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.)

Allāhummā innī a`ūdhu bika an aḍilla aw uḍalla, aw azilla aw uzalla, aw ađlima aw uđlama, aw ajhala aw yujhala `alayya. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo upang huwag akong maligaw o mailigaw ako, o matisod ako o maitisod ako, o mang-api ako o maapi ako, o gumawa ako ng kahangalan o gawin ang kahangalan sa akin.)

## Ang Dhikr sa Pagpasok ng Bahay

Bismi -llāhi walajnā, wa bismi -llāhi kharajnā, wa `alā rabbinā tawakkalnā. (Sa ngalan ni Allah ay pumasok tayo; sa ngalan ni Allah ay lumabas tayo; at sa Panginoon natin ay nanalig tayo.)

## Ang Du`ā' sa Pagpunta sa Masjid

Allāhumma -j`al fī qalbī nūran, wa fī lisānī nūran, wa fī sam`ī nūran, wa fī baṣarī nūran, wa min fawqī nūran, wa min taḥtī nūran, wa `an yamīnī nūran, wa `an shimālī nūran, wa min amāmī nūran, wa min khalfī nūran, wa -j`al fī nafsī nūran, wa a`đim lī nūran, wa `ađđim lī nūran, wa -j`al lī nūran, wa -j`alnī nūran; Allāhumma a`ṭinī nūran, wa -j`al fī `aṣabī nūran, wa fī laḥmī nūran, wa fī damī nūran, wa fī sha`rī nūran, wa fī basharī nūran. (O Allah, maglagay Ka sa puso ko ng liwanag, sa dila ko ng liwanag, sa pandinig ko ng liwanag, sa paningin ko ng liwanag, sa itaas ko ng liwanag, sa ilalim ko ng liwanag, sa gawing kanan ko ng liwanag, sa gawing kaliwa ko ng liwanag, sa harapan ko ng liwanag,

at sa likuran ko ng liwanag. Maglagay Ka sa sarili ko ng liwanag. Magpalaki Ka para sa akin ng liwanag. Magpalakas Ka para sa akin ng liwanag. Maglagay ka para sa akin ng liwanag. Maglagay Ka sa akin ng liwanag. O Allah, bigyan Mo ako ng liwanag. Maglagay ka sa litid ko ng liwanag, sa laman ko ng liwanag, sa dugo ko ng liwanag, sa buhok ko ng liwanag, sa balat ko ng liwanag.)

Allāhumma -j`al lī nūran fī qabrī wa nūran fī `iđāmī. wa zidnī nūran, wa zidnī nūran, wa zidnī nūran; wa hab lī nūran `alā nūr. (O Allah, maglagay ka para sa akin ng liwanag sa libingan ko, at ng liwanag sa mga buto ko. Dagdagan Mo ako ng liwanag, dagdagan Mo ako ng liwanag, dagdagan Mo ako ng liwanag. Pagkalooban Mo ako ng liwanag sa ibabaw ng isang liwanag.)

# Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Masjid

Magsisimula siya sa kanang paa at sasabihin:

A`ūdhu bi-llāhi -l`adīm, wa biwajhihi -lkarīm, wa sulṭānihi -lqadīm, mina -shshayṭāni --rrajīm. Bismi -llāh, wa -ṣṣalātu wa -ssalāmu `alā rasūli -llāh. Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik. (Nagpapakupkop ako kay Allah, ang Sukdulan, sa mukha Niyang marangal, sa kapamahalaan Niyang namamalagi, laban sa Demonyong isinumpa. Sa ngalan ni Allah; ang basbas at ang pangangalaga ay sa Sugo ni Allah. O Allah, buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.)

# Ang Du`ā' sa Paglabas ng Masjid

Magsisimula siya sa kanang paa niya at magsasabi: Bismi -llāh, wa -ṣṣalātu wa -ssalāmu `alā rasūli -llāh, allāhumma innī as'aluka min faḍlik. Allāhumma -`ṣimnī mina -shshayṭāni -rrajīm. (Sa ngalan ni Allah, ang basbas at ang pangangalaga ay sa Sugo ni Allah. O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng bahagi ng kagandahang-loob Mo. O Allah, pangalagaan Mo ako laban sa Demonyo, ang isinumpa.)

# Ang mga Dhikr Kaugnay sa Adhān

Sasabihin ang tulad sa sinasabi ng mu'adhdhin maliban sa: Ḥayya `ala -ṣṣalāh, at Ḥayya `ala -lfalāḥ. (Halina sa salāh, at sa Halina sa tagumpay.)

at sasabihin: Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh. (Walang kapangyarihan ni lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.)

Sasabihin: Wa anā ashhadu an lā ilāha illa -llāhu wahdahu la sharika lahu, wa anna muhammadan ‘abdhuhu wa rasūluh, radītu bi-llāhi rabban, wa bimuhammadir rasūlan, wa bi-l'islāmi dīnā. (Sasabihin ito matapos sabihin ng mu'adhdhin ang shahādah.) (At ako ay sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: wala Siyang katambal; at na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Nasiyahan ako kay Allah bilang Panginoon, kay Muhammad bilang Sugo, at sa Islam bilang Relihiyon.)

Sasabihin iyon matapos ang tashahhud ng muadhdhin.

Dadalangin para sa Propeta (SAS) pagkatapos ng pagtugon sa mu'adhdhin.

Sasabihin: Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmati wa -ṣṣalāti -lqā'imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa -lfaḍīlah, wab`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa‘attahu, innaka lā tukhlifu -lmī`ād. (O Allah, Panginoon nitong ganap na panawagan at ng ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muhammad ang kaparaanan at ang kalamangan at ibangon Mo siya sa katayuang pupurihin, na ipinangako Mo; tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa naipangako.)

Mananalangin para sa sarili sa pagitan ng adhān at iqāmah sapagkat tunay na ang panalangin sa sandaling iyon ay hindi tinatanggihan.

# Ang Du`ā' sa Pagpapasimula sa Salāh

Allāhumma bā`id baynī wa bayna khaṭāyāya kamā bā`adta bayna -lmashriqi wa -lmaghribi. Allāhumma naqqinī mina -lkhaṭāyā kamā yunaqqa -ththawbu -l'abyaḍu mina -ddanasi. Allāhumma -

ghsil khaṭāyāya bi-lmā'i wa -ththalji wa -lbarad. (O Allah, paglayuin Mo ako at ang mga kamalian ko gaya ng pagpalayo mo sa silangan at kanluran. O Allah, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuutan mula sa karumihan. O Allah, hugusan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.)

Subḥānaka -llāhumma wa biḥamdika wa tabāraka -smuka wa ta`ālā jadduka wa lā ilāha ghayruk. (Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, at pagpupuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.)

Wajahhtu wajhī lilladhī faṭara -ssamāwāti wa -l'arḍa ḥanīfan wa mā anā mina -lmushrikīn. Inna ṣalātī wa nusukī wa maḥyāya wa mamātī lillāhi rabbi -l`ālamīna lā sharīka lahu wa bidhālika umirtu wa anā mina -lmuslimīn. Allāhumma anta -lmaliku lā ilāha illa anta, anta rabbī wa anā `abduka, đalamtu nafsī wa`taraftu bidhambī fa-ghfir lī dhunūbī jamī`an, innahu lā yaghfiru -dhdhunūba illa anta, wa -hdinī li'aḥsani -l'akhlāqi, lā yahdī li'aḥsanihā illā anta, wa -ṣrif `annī sayyi'ahā, lā yaṣrifu `annī sayyi'ahā illā anta, labbayka wa sa`dayka, wa -lkhayru kulluhu fī yadayka, wa -shsharru laysa ilayka, anā bika wa ilayka, tabārakta wa ta`ālayta, astaghfiruka wa atūbu ilayka. (Ibinaling ko ang mukha ko sa naglalang ng mga langit at lupa bilang isang makatotoo, at hindi ako kabilang sa mga nagtatambal sa Panginoon. Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay kabilang sa mga Muslim. O Allah, Ikaw ang Hari, walang Diyos kundi Ikaw. Ikaw ay Panginoon ko at ako ay lingkod Mo. Lumabag ako sa katarungan sa sarili ko at inamin ko ang pagkakasala ko kaya patawarin Mo ako sa lahat ng mga pagkakasala ko; tunay na walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw. Patnubayan Mo ako sa pinakamaganda sa mga kaasalan; walang magpapatnubay sa pinakamaganda sa mga iyon kundi Ikaw. Ilayo Mo sa akin ang masagwa sa mga iyon; walang magpapalayo sa akin sa masagwa sa mga iyon kundi Ikaw. Bilang pagtugon sa Iyo at bilang pagsunod sa Iyo, ang mabuti, lahat ng ito, ay nasa mga kamay Mo. Ang masama ay hindi inuugnay sa Iyo. Ako ay nagagabayan sa pamamagitan Mo at nagpapakanlong sa Iyo. Napakamapagpala Mo at pagkataas-taas Mo. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)

Allāhumma rabba jibrā'īla wa mīkā'īla wa isrāfīl, fāṭira -ssamāwāti wa -l'arḍ, `ālima -lghaybi wa -shshahādah, anta taḥkumu bayna `ibādika fīmā kānū fīhi yakhtalifūn, ihdinī lima -khtulifa fīhi mina -lḥaqqi bi'idhnika innaka tahdī man tashā'u ilā ṣirāṭim mustaqīm. (O Allah, Panginoon nina Jibrā'īl, Mīkā'īl at Isrāfīl, Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, Ikaw ay hahatol sa mga lingkod Mo hinggil sa anumang pinagtatalunan nila noon. Patnubayan Mo ako sa pinagtatalunan na katotohanan, ayon sa kapahintulutan mo; tunay na Ikaw ay nagpapatnubay sa sinumang loloobin mo tungo sa isang matuwid na landasin.)

Allāhu akbar kabīrā, Allāhu akbar kabīrā, Allāhu akbar kabīrā, wa -lḥamdu lillāhi kathīrā, wa -lḥamdu lillāhi kathīrā, wa -lḥamdu lillāhi kathīrā, wa subḥāna -llāhi bukratan wa aṣīlā. (Tatlong ulit) A`ūdhū bi-llāhi mina -shshayṭāni min nafkhihi wa nafthihi wa hamzihi. (Si Allah ay pinakadakila sa malaking kadakilaan, si Allah ay pinakadakila sa malaking kadakilaan, si Allah ay pinakadakila sa malaking kadakilaan; ang papuri ay ukol kay Allah nang maramihan, ang papuri ay ukol kay Allah nang maramihan, ang papuri ay ukol kay Allah nang maramihan; at Napakamaluwalhati ni Allah sa umaga at gabi. (Tatlong ulit) Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyo, laban sa hininga nito, tinig nito, at bulong nito.)

Allāhumma laka -lḥamdu, anta nūru -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā, wa laka -lḥamdu anta qayyimu -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā; wa laka -lḥamdu anta rabbu -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā; wa laka -lḥamdu laka mulku -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā; wa laka -lḥamdu anta maliku -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā; wa laka -lḥamdu anta maliku -ssamāwāti wa -l'arḍ; wa laka -lḥamd; anta -lḥaqqu, wa wa`duka -lḥaqqu, wa qawluka -lḥaqqu, wa liqā'uka -lḥaqqu, wa -ljannatu ḥaqqun, wa -nnāru ḥaqqun, wa -nnabīyūna ḥaqqun, wa muḥammadun ṣalla -llāhu `alayhi wa sallama ḥaqqun, wa –ssā`atu ḥaqq; allāhumma laka aslamtu, wa `alayka tawakkaltu, wa bika āmantu, wa ilayka anabtu, wa bika khāṣamtu, wa ilayka ḥākamtu, fa-ghfir lī mā qaddamtu, wa mā akhkhartu, wa mā asrartu, wa mā a`lantu; anta -lmuqaddimu, wa anta -lmu'akhkhiru, lā ilāha illā anta. anta ilāhī, lā ilāha illā anta. (O Allah, ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay Liwanag ng mga langit at lupa at ng sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay Tagapagpanatili ng mga langit at lupa at ng sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay Panginoon ng mga langit at lupa at

sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri; taglay Mo ang paghahari sa mga langit at lupa at sa sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay Hari ng mga langit at lupa at ng sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay Hari ng mga langit at lupa. Ukol sa Iyo ang papuri. Ikaw ay ang Totoo, ang pangako Mo ay ang totoo, ang sinabi Mo ay ang totoo, ang Paraiso ay totoo, ang Impiyerno ay totoo, ang mga propeta ay totoo, si Muhammad —pagpalain siya ni Allah at pangalagaan—ay totoo, ang Huling Sandali ay totoo. O Allah, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako sumampalataya, sa Iyo ako nagbalik-loob, dahil sa Iyo ako nakipagtalo, at sa Iyo ako nagpahukom; kaya patawarin Mo ako sa [kasalanang] naunang nagawa ko at nahuling nagawa ko, at [kasalanang] inilihim ko at inihayag ko. Ikaw ay ang nagpapauna at Ikaw ay ang nagpapahuli; walang Diyos kundi Ikaw. Ikaw ay Diyos ko; walang Diyos kundi Ikaw.)

## Ang Du`ā' sa Pagyukod

Subḥāna rabbiya -l`ađīm. (Tatlong ulit.) (Napakamaluwalhati ng Panginoon ko ang Sukdulan.)

Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa biḥamdika, allāhumma -ghfir lī. (Napakamaluwalhati Mo, o Allah, Panginoon namin at kalakip ng papupuri sa Iyo. O Allah patawarin Mo ako.)

Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa -rrūḥ.  (Pinakamaluwalhati, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.)

Allāhumma laka raka`tu, wa bika āmantu, wa laka aslamtu, khasha`a laka sam`ī wa baṣarī, wa mukhkhī wa `adhmī wa `aṣabī, wa ma -staqalla bihi qadamī. (O Allah sa Iyo ako yumukod, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpakababa sa Iyo ang pandinig ko, ang paningin ko, ang utak ko, ang buto ko, ang litid ko, at ang anumang binuhat ng paa ko.)

Subḥāna dhi -ljabarūti, wa -lmalakūti, wa -lkibriyā'i, wa -l`ađamah. (Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, dangal at kadakilaan.)

## Ang Du`ā' sa Pag-angat Mula sa Pagkakayukod

Sami`a -llāhu liman ḥamidah. (Dinggin nawa ni Allah ang sinumang nagpuri sa Kanya.)

Rabbanā wa laka -lḥamdu ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīh. (Panginoon namin, at ukol sa iyo ang papuri, papuring marami, mabuti, pinagpapala—)

mil'a -ssamāwāti wa mil'a -l'arḍ, wa mil'a mā shi'ta min shay'im ba`d, ahla -ththanā'i wa -lmajd, aḥaqqu mā qāla -l`abdu, wa kulluna laka `abd, allāhumma lā māni`a limā a`ṭayta, wa lā mu`ṭiya limā mana`ta, wa lā yanfa`u dha -ljaddi minka -ljadd. (Makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa, at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos, karapat-dapat sa pagbubunyi at kaluwalhatian, ang pinakatotoo na sinabi ng lingkod — at lahat naman kami sa Iyo ay lingkod. O Allah, walang pipigil sa anumang ibinigay Mo at walang magbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi magdudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.)

## Ang Du`ā' Kapag Nagpapatirapa

Subḥāna rabbiya -l'a`lā. (Tatlong ulit.) (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas.)

Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa biḥamdika, allāhumma -ghfir lī. (Napakamaluwalhati Mo, o Allah, at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allah, patawarin Mo ako.)

Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa -rrūḥ. (Kaluwa-luwalahatian, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.)

Allāhumma laka sajadtu, wa bika āmantu, wa laka aslamtu, sajada wajhī lillādhī khalaqahu wa ṣawwarahu, wa sḥaqqa sam`ahu wa baṣarahu, tabāraka -llāhu aḥsanu -lkhāliqīn.  (O Allah, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo rito, nagbukas sa pandinig at paningin nito. Napakamapagpala ni Allah, ang pinamagaling sa mga tagalikha.)

Subḥāna dhi -ljabarūti, wa -lmalakūti, wa -lkibriyā'i, wa -l`ađamah. (Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, dangal at kadakilaan.)

Allāhumma -ghfir lī dhambī kullahu diqqahu wa jillahu, wa awwalahu wa ākhirahu, wa `alāniyatahu wa sirrahu. (O Allah patawarin Mo ako sa pagkakasala ko: sa lahat ng ito, kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito, una nito at huli nito, at hayagan nito at lingid nito.)

Allāhumma, innī a`ūdhu biriḍāka min sakhaṭika, wa bimu`āfātika min `uqūbatika, wa a`ūdhu bika minka; lā uḥṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kaluguran Mo laban sa pagkayamot Mo, sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo; nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay gaya ng pagbunyi Mo sa sarili Mo.)

## Ilan sa mga Du`ā' sa Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa

Rabbi -ghfir lī, rabbi -ghfir lī. (Panginoon ko, patawarin Mo ako; Panginoon ko, patawarin Mo ako.)

Allāhumma -ghfir lī wa -rḥamnī wa -hdinī wa -jburnī wa `āfinī wa -rzuqnī wa -rfa`nī. (O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, pariwasain Mo ako, palusugin Mo ako, tustusan Mo ako, at iangat Mo ako.)

## Ang Du`ā' sa Sujūd at-Tilāwah

Sajada wajhī lillādhī khalaqahu wa ṣawwarahu, wa sḥaqqa sam`ahu wa baṣarahu, fatabāraka -llāhu aḥsanu -lkhāliqīn. (Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo rito, nagbukas sa pandinig at paningin nito; kaya napakamapagpala ni Allah, ang pinamagaling sa mga tagalikha.)

Allahumma -ktub lī bihā `indaka ajran, wa ḍa` `annī bihā wizran, wa -j`alhā lī `indaka dhukran, wa taqabbalhā minnī kamā taqabbaltahā min `abdika dāwud. (O Allah, magtala Ka para sa akin sa piling Mo ng isang gantimpala sa [patirapang] ito, alisan Mo ako ng isang pasanin dahil dito, gawin Mo ito para sa akin sa piling Mo na isang kayamanan, at tanggapin Mo ito mula sa akin gaya ng pagtanggap mo nito mula sa lingkod Mong si David.)

### Ang Tashahhud

Attaḥīyātu lillāhi wa -ṣṣalawātu wa -ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa raḥmatu -llāhi wa barakātuh, assalāmu `alaynā wa `alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa rasūluh. (Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang pangangalaga nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)

Ang Panalangin Para sa Propeta (SAS) Matapos ang Tashahhud

Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa `alā āli Muhammad, kamā ṣallayta `alā ibrāhīma wa `alā āli ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa `alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā ibrāhīma wa `alā āli ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. (O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, biyayaan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.)

Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa `alā azwājihi wa dhurrīyatihi kamā ṣallayta `alā ibrāhīm, wa bārik `alā muḥammadin wa `alā azwājihi wa dhurrīyatihi kamā bārakta `alā ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. (O Allah, pagpapalain Mo si Muhammad at ang mga may maybahay niya at ang mga inapo niya gaya ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim. Biyayaan Mo si Muhammad at ang mga may maybahay niya at ang mga inapo niya gaya ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.)

# Ang Du`ā' Matapos ang Huling Tashahhud Bago ang Salām

Allāhumma innī a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri wa min `adhābi jahannama wa min fitnati -lmaḥyā wa -lmamāti wa min sharri fitnati -lmasīḥi -ddajjāl. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan at laban sa pagdurusa sa Impiyerno, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa masamang tukso ng Bulaang Kristo.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri wa a`ūdhu bika min fitnati -lmasīḥi -ddajjāl wa a`ūdhu bika min fitnati -lmaḥyā wa -lmamāt; Allāhumma innī a`ūdhu bika min -ma'thami wa lmaghram. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa tukso ng Bulaang Kristo, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa tukso ng buhay at kamatayan. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasalanan at pagkakautang.)

Allāhumma innī đalamtu nafsī đulman kathīrā, wa lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta, fa-ghfir lī maghfiratam min `indika wa -rḥamnī, innaka anta -lghafūru -rraḥīm.(O Allah, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko nang maraming paglabag at walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw kaya magpatawad ka sa akin ng isang kapatawarang mula sa Iyo at kaawaan Mo ako; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)

Allāhumma -ghfir lī mā qaddamtu wa mā akhkhartu, wa mā asrartu wa mā a‘lantu, wa mā asraftu, wa mā anta a‘lamu bihi minnī, anta -lmuqaddimu wa anta -lmu'akhkhiru, lā ilāha illā anta. (O Allah, patawarin Mo ako sa [kasalanang] naunang nagawa ko at nahuling nagawa ko, [kasalanang] inilihim ko at inihayag ko, at [kasalanang] ipinagmalabis. Ikaw ay ang nagpapauna at Ikaw ay ang nagpapahuli; walang [totoong] Diyos kundi Ikaw.)

Allāhumma a‘innī ‘alā dhikrika wa shukrika wa husni ‘ibādatik. O Allah, tulungan Mo ako sa pag-aalaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at pagpapahusay sa pagsamba sa Iyo.

Allāhumma innī a‘ūdhu bika mina -lbukhli wa a‘ūdhu bika mina -ljubni, wa a‘ūdhu bika min an arrudda ilā ardhali -l‘umri, wa a‘ūdhu bika min fitnati -ddunyā wa min ‘adhābi -lqabri. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, nagpapakupkop sa Iyo na hindi ako umabot sa pinakahamak na gulang, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa tukso ng Mundo at laban sa pasakit ng libingan)

Allāhumma innī as'aluka -ljannata wa a‘ūdhu bika mina -nnār. (O Allah, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng Paraiso at nagpapakupkop sa iyo laban sa Apoy.)

Allāhumma bi‘ilmika -lghayba wa qudratika ‘alā -lkhalqi ahyinī mā ‘alimta -lhayāta khayran lī wa tawaffanī idhā ‘alimta -lwafāta khayran lī; allāhumma innī as'aluka khashyataka fī -lghaybi wa 'shshahādah, wa as'aluka kalimata -lhaqqi fī -rridā wa -lghadab, wa as'aluka -lqasda fī -lghinā wa -lfaqri, wa as'aluka na‘īman lā yanfad, wa as'aluka qurrata ‘aynin lā tanqati, wa as'aluka -rridā ba‘da -lqadā', wa as'aluka barda -l‘ayshi ba‘da -lmawt, wa as'aluka lidhdhata -nnadhari ilā wajhika wa -shshawqa ilā liqā'ika fī ghayri darrā'a mudirratin wa lā fitnatin mudillah; allāhumma zayyinā bizīnati -l'īmāni wa -j‘alnā hudātan muhtadīn. (O Allah, sa pamamagitan ng kaalaman Mo sa Nakalingid at kapangyarihan Mo sa paglikha ay bigyang-buhay Mo ako kung nalaman Mo na ang mabuhay ay mabuti para sa akin at bawiin mo ako kung nalaman Mo na ang mamatay ay mabuti para sa akin, O Allah, tunay na hinihiling ko ang pangamba sa iyo sa lingid at lantad, at hinihiling ko sa Iyo ang salita ng katotohanan kapag sa sandali ng kasiyahan at galit, humihiling sa Iyo ng katamtaman sa kariwasaan at karalitaan, humihiling sa Iyo ng isang lugod na hindi na nauubos, humihiling sa Iyo ng isang galak ng mata na hindi napuputol, humihiling sa Iyo ng kasiyahan [sa tadhana] matapos ang pagtatadhana, humihiling sa Iyo ng kaalwanan ng buhay matapos ang kamatayan, at humihiling sa Iyo ng sarap ng pagtingin sa mukha Mo at pananabik sa pakikipagtagpo sa Iyo, nang walang kapinsalaang nakapipinsala ni tuksong nakapagliligaw. O Allah, gayakan Mo kami ng gayak ng pananampalataya at gawin Mo kami na mga tagapatnubay na mga napatnubayan.)

Allāhumma innī as'aluka yā allāh bi'annaka -lwāhidu -l'ahadu -ssamadu -lladhī lam yalid wa lam yūlad wa lam yakul lahu kufuwan ahad, anta taghfiru dhunūbī innaka anta -lghafūru -rrahīm. (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo, o Allah, yamang tunay na Ikaw ay ang Isa, ang Iisa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay. Ikaw ay nagpapatawad sa akin sa mga pagkakasala ko; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)

Allāhumma innī as'aluka bi'anna laka -lhamdu lā ilāha illā anta wahdaka lā sharīka lak; almannānu, yā badī'a -ssamāwāti wa -l'ardi, yā dha -ljalāli wa -l'ikrām, yā hayyu, yā qayyūmu, innī as'aluka -ljannata wa a'udhu bika mina -nnār. (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo yamang tunay na ukol sa Iyo ang papuri; walang [totoong] Diyos kundi Ikaw: tanging Ikaw, wala Kang katambal. Ang Mapagbiyaya, O Tagapagpasimula ng mga langit at lupa, O pinag-uukalan ng pagpipitagan at pagpaparangal, O Buháy, O Tagapagpanatili, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Apoy.)

Allāhumma innī as'aluka bi'annī ashhadu annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta -l'ahadu -ssamadu -lladhī lam yalid wa lam yūlad wa lam yakul lahu kufuwan ahad. (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo yamang tunay na ako ay sumasaksi na Ikaw ay si Allah: walang [totoong] Diyos kundi Ikaw, ang Iisa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.)

## Ang mga Dhikr Matapos ang Salām ng Salāh

Astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, allāhumma anta -ssalāmu wa minka -ssalām, tabārakta yā dha -ljalāli wa -l'ikrām. (Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. O Allah, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparangal.)

Lā ilāha illa -llāh wahdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lhamdu wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr. Allāhumma lā māni'a limā a'tayta, wa lā mu'tiya limā mana'ta, wa lā yanfa'u dhal jaddi minka -ljadd. (Walang [totoong] Diyos kundi si Allāh — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. O Allāh, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapag-dudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.)

Lā ilāha illa -llāh wahdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lhamdu wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr. lā hawla wa lā qūwata illā bi-llāh, lā ilāha illa -llāh, wa lā na'budu illā iyyāh, lahu -nni`matu wa lahu -lfadlu wa lahu -ththanā'u -lhasan, lā ilāha illa -llāhu mukhlisīna lahu -ddīna wa law kariha -lkāfirūn. (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allah. [Kami ay] mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.)

Subḥāna -llāh (33 ulit, Napakamaluwalhati ni Allah), Alḥamdu lillāh (33 ulit, Ang papuri ay ukol kay Allah), Allāhu akbar (33 ulit, Si Allah ay pinakadakila). Lā ilāha illa -llāh wahdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)

Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)

1. Qul huwa -llāhu aḥad. (Sabihin mo: Siya, si Allah, ay iisa.)

2. allāhu -ssamad. (Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan.)

3. lam yalid wa lam yūlad. (Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.)

4. wa lam yakul lahū kufuwan aḥad. (at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.)

Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm. (Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)1. Qul a`ūdhu birabbi -lfalaq, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway,)2. min sharri mā khalaq, (laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya,)3. wa min sharri ghāsiqin idha waqab, (laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito,)4. wa min sharri -nnaffāthāti fi -l`uqad, (laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol,)5. wa min sharri ḥāsidin idhā ḥasad. (at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.)Bismi -llāhi -rraḥmāni -

rraḥīm. (Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)1. Qul a`ūdhu birabbi -nnās, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,)2. maliki -nnās, (ang Hari ng mga tao,)3. ilāhi -nnās, (ang Diyos ng mga tao,)4. min sharri -lwaswāsi -lkhannās, (laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong,)5. alladhī yuwaswisu fī ṣudūr -nnās, (na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao,)6. mina -ljinnati wa -nnās. (na kabilang sa mga jinn at mga tao.)

Pagkatapos ng Bawat Ṣalāh

Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm, lā ta'khudhuhū sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi -ssamāwāti wa mā fi -l'arḍ; man dhā -lladhī yashfa`u `indahū illā bi'idhnih, ya`lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum: wa lā yuḥīṭūna bishay'im min `ilmihī illā bimā shā', wasiʻa kursīyuhu -ssamāwāti wa -l'arḍ: wa lā ya'ūduhū hifđuhumā, wa huwa -l`alīyu -l`ađīm. (Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.)Pagkatapos ng Bawat Salāh

Lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, yuḥyī wa yumīt, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr.  (Sampung ulit pagkatapos ng ṣalāh sa maghrib at fajr.) (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan.)

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa rizqan ṭayyiban wa `amalan mutaqabbalā. (Pagkatapos ng salām sa ṣalāh sa fajr)(O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang napakikinabangan, mabuting tustos, at gawang tinatanggap.)

## Ang Du`ā' sa Ṣalātul'istikhārah

Nagsabi si Jābir ibnu `Abdillāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa:"Ang Sugo ni Allah noon, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagtuturo sa amin ng istikhārahsa lahat ng gawain gaya ng pagtuturo niya sa amin ng sūrah ng Qur'an. Sinasabi niya:

Kapag nagbalak ang isa sa inyo ng isang bagay ay magdasal siya ng dalawang rak`ah na hindi isinatungkuling [salāh]. Pagkatapos ay sabihin niya: Allāhumma innī astakhīruka bi`ilmika, wa astaqdiruka biqudratik, wa as'aluka min faḍlika -l`ađīm, fa'innaka taqdiru wa lā aqdir, wa ta`lamu wa lā a`lam, wa anta `allāmu -lghuyūb. Allāhumma in kunta ta`lamu anna hādha -l'amra [banggitin dito ang kailangan] khayrun lī fī dīnī wa ma`āshī wa `āqibati amrī, fa-qdurhu lī wa yassirhu lī, thumma bārik lī fīh, wa in kunta ta`lamu anna hādha -l'amra sharrun lī fī dīnī wa ma`āshī wa `āqibati amrī, fa-ṣrifhu `annī wa -ṣrifnī `anhu, wa -qdur liya -lkhayra ḥaythu kāna thumma arḍinī bih. (O Allah, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo. Humihiling ako sa Iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng kakayahan Mo. Humihingi ako mula sa sukdulang kabutihang-loob Mo, sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya at hindi ako nakakakaya, at nakaaalam Ka at hindi ako nakaaalam at Ikaw ay ang pinakanakaaalam sa mga nakalingid. O Allah, kung nalalaman Mo na ang bagay na ito [banggitin dito ang kailangan] ay mabuti para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ay itakda Mo na mangyari ito sa akin at pagaanin Mo ito para sa akin, pagkatapos ay biyayaan Mo ako rito. Kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay masama para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ilayo Mo ito sa akin at ilayo Mo ako rito, at itakda Mo na mangyari sa akin ang mabuti saanman ito, pagkatapos ay palugurin Mo ako dito.)

Hindi magsisisi ang sinumang humingi ng patnubay sa Tagapalikha, sumangguni sa mga nilikhang mananampalataya, at nagpakatatag sa pasya niya.sapagkat nagsabi nga si Allah, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas:at sanguniin mo sila sa usapin. Kaya kapag nagpasya ka ay manalig ka kay Allah.

## Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi

Ang papuri ay ukol kay Allah: tanging Siya. Ang basbas at ang pagbati [ni Allah] ay sa kanya na wala nang propeta pagkatapos niya.

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm. (Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa.)

Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm, lā ta'khudhuhū sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi -ssamāwāti wa mā fi -l'arḍ; man dhā -lladhī yashfa`u `indahū illā bi'idhnih, ya`lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum: wa lā yuḥīṭūna bishay'im min `ilmihī illā bimā shā', wasi'a kursīyuhu -ssamāwāti wa -l'arḍ: wa lā ya'ūduhū hifđuhumā, wa huwa -l`alīyu -l`ađīm. (Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.)

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.1. Qul huwa -llāhu aḥad. (Sabihin mo: Siya, si Allah, ay iisa.)2. allāhu -ṣṣamad. (Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan.)3. lam yalid wa lam yūlad (Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.)4. wa lam yakul lahū kufuwan ahad.(at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.)Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.1. Qul a`ūdhu birabbi -lfalaq, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway,)2. min sharri mā khalaq, (laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya,)3. wa min sharri ghāsiqin idhā waqab, (laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito,)4. wa min sharri -nnaffāthāti fi -l`uqad, (laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol,)5.wa min sharri ḥāsidin idhā ḥasad. (at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.)Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.1. Qul a`ūdhu birabbi -nnās, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,)2. maliki -nnās, (ang Hari ng mga tao,)3. ilāhi -nnās, (ang Diyos ng mga tao)4. min sharri -lwaswāsi -lkhannās, (laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong)5. alladhī yuwaswisu fī ṣudūr -nnās, (na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao,)6. mina -ljinnati wa -nnās. (na kabilang sa mga jinn at mga tao.")

tatlong ulit

Aṣbaḥnā wa aṣbaḥa -lmulku lillāhi wa -lḥamdu lillāh; lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr; rabbi as'aluka khayra mā fī hādha -lyawmi wa sharri mā ba`dah; rabbi a`ūdhu bika mina -lkasali wa sū'i -lkibar; rabbi a`ūdhu bika min `adhābin fi -nnāri wa `adhābin fi -lqabr. (Sumapit kami sa umaga at nanatili sa umaga na ang paghahari ay kay Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah. Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan. Panginoon ko, hinihiling ko sa Iyo ang mabuti sa araw na ito at ang mabuti pagkatapos nito, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa araw na ito at sa masama pagkatapos nito. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa katamaran at sa kasagwaan ng katandaan. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa isang pagdurusa sa Apoy at sa isang pagdurusa sa libingan.)

Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa bika amsaynā, wa bika naḥyā, wa bika namūt, wa ilayka -nnushūr. (O Allah, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang Pagkabuhay.)

Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā `abduka, wa anā `alā `ahdika wa wa`dika ma -staṭa`tu, a`ūdhu bika min sharri mā ṣana`tu, abū'u laka bini`matika `alayya, wa abū'u laka bidhambī, faghfir lī fa'innahū lā yaghfiru -dhdhunūba illā ant. (O Allah, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Kinikilala ko sa Iyo ang kasalanan ko kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.)

Allāhumma innī aṣbaḥtu, ushhiduka wa ushhidu ḥamalata `arshika wa malā'ikataka wa jamī`a khalqika annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta waḥdaka lā sharīka laka wa anna muḥammadan `abduka wa rasūluk. (Apat na ulit) (O Allah, tunay na sumapit ako sa umaga. Nagpapasaksi ako sa Iyo at nagpapasaksi ako sa mga tagapasan ng trono Mo, sa mga anghel Mo, at sa lahat ng nilikha Mo, na Ikaw ay si Allah, walang [totoong] Diyos kundi Ikaw: tanging Ikaw, wala Kang katambal; at na si Muhammad ay Lingkod Mo at Sugo Mo.)

Allāhumma mā aṣbaḥa bī min ni`matin aw bi'aḥadim min khalqika faminka waḥdaka lā sharīka laka, falaka -lḥamdu wa laka -shshukru. (O Allah, ang anumang inumaga sa akin na biyaya o sa isa sa nilikha Mo ay mula sa Iyo: tanging sa Iyo, wala Kang katambal; kaya ukol sa Iyo ang papuri at ukol sa Iyo ang pasasalamat.)

Allāhumma `āfinī fī badanī, allāhumma `āfinī fī sam`ī, allāhumma `āfinī fī baṣarī, lā ilāha illā anta; allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkufri wa -lfaqri wa a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri, lā ilāha illā anta. (Tatlong ulit) (O Allah, palusugin Mo ako sa katawan ko. O Allah, palusugin Mo ako sa pandinig ko. O Allah, palusugin Mo ako sa paningin ko. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-pananampalataya, karalitaan, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan. Walang Diyos kundi Ikaw.)

Ḥasbiya -llāhu lā ilāha illā huwa; `alayhi tawakkaltu: wa huwa rabbu -l`arshi -l`ađīm. (Pitong ulit) (Sapat sa akin si Allah. Walang Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig at Siya ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki.)

Allāhumma innī as'aluka -l`afwa wa -l`āfiyata fi -ddunyā wa -l'ākhirah, allāhumma innī as'aluka -l`afwa wa -l`āfiyata fī dīnī wa dunyāya wa ahlī wa mālī, allāhumma -stur `awrātī wa āmin raw`ātī, allāhumma -ḥfađnī mim bayna yadayya wa min khalfī wa `an yamīnī wa `an shimālī wa min fawqī, wa a`ūdhu bi`ađamatika an ughtāla min taḥtī. (O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay. O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allah, pagtakpan Mo ang mga kahihiyan ko at patiwasayin Mo ang mga pangingilabot ko. O Allah, pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako traydurin mula sa ilalim ko.)

Allāhumma `ālima -lghaybi wa -shshahādati fāṭira -ssamāwāti wa -l'arḍi, rabba kulli shay'in wa malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta, a`ūdhu bika min sharri nafsī, wa min sharri -shshayṭāni wa shirkihi, wa an aqtarifa `alā nafsī sū'an aw ajurrahu ilā muslim. (O Allah, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Panginoon ng bawat bagay at Tagapagmay-ari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] paggawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagdulot niyon sa isang Muslim.)

Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -ssamī`u -l`alīm. (Tatlong ulit) (Sa ngalan ni Allah na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.)

Raḍītu bi-llāhi rabban, wa bi-l'islāmi dīnan, wa bimuḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa sallama nabīyā. (Tatlong ulit) (Nalugod ako kay Allah bilang Panginoon, sa Islam bilang Relihiyon, at kay Muhammad — pagpalain siya ni Allah at pangalagaan — bilang Propeta.)

Yā ḥayyu, yā qayyūmu, biraḥmatika astaghīthu aṣliḥ lī sha'nī kullahu wa la takilnī ilā nafsī ṭurfata `ayn. (O Buháy, o Tagapagpanatili, sa pamamagitan ng awa Mo ay nagpapasaklolo ako: ituwid Mo para sa akin ang lahat ng kapakanan ko at huwag Mo akong ipaubaya sa sarili ko [kahit] sa isang kisap ng mata.)

Aṣbaḥnā wa aṣbaḥa -lmulku lillāhi rabbi -l`ālamīn, allāhumma as'aluka khayra mā fī hādha -lyawmi fatḥahu wa naṣrahu wa nūrahu wa barakatahu wa hudāhu, wa a`ūdhu bika min sharri mā fihi wa sharri mā ba`dah. (Sumapit kami sa umaga at nanatili sa umaga na ang paghahari ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. O Allah, hinihiling ko sa Iyo ang mabuti sa araw na ito: ang tagumpay nito, ang tulong nito, ang liwanag nito, ang biyaya nito, at ang patnubay nito; at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama rito at sa masama pagkatapos nito.)

Aṣbaḥnā `alā fiṭrati -l'islāmi wa `alā kalimati -l'ikhlāṣi wa `alā dīni nabīyinā muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa sallama millata abīnā ibrāhīma ḥanīfam muslima, wa mā kāna mina -lmushrikīn. (Sumapit kami sa umaga sa likas na Relihiyon ng Islam, sa salita ng pagpakawagas, sa Relihiyon ng Propeta naming si Muhammad — pagpalain siya ni Allah at pangalagaan — at sa kapaniwalaan ng ama naming si Abraham bilang makatotoong Muslim at hindi siya kabilang sa mga nagtatambal [kay Allah].)

Subḥāna -llāhi wa biḥamdihi. (100 ulit) (Nakapakamaluwalhati ni Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya.)

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. (10 ulit o isang ulit kapag tinatamad.) (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. (Sambitin ng 100 ulit kapag nag-umaga.) (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)

Subḥāna -llāhi wa biḥamdihi `adada khalqihi wa riḍā nafsihi wa zinata `arshihi wa midāda kalimātihi. (Tatlong ulit kapag nag-umaga.) (Nakapakamaluwalhati ni Allah at kalakip ng papuri sa Kanya ayon sa bilang ng nilikha Niya, ayon sa kasiyahan ng sarili Niya, ayon sa timbang ng trono Niya, at ayon sa [dami ng] tinta [na ipangsusulat] ng mga salita Niya.)

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa rizqan ṭayyiban wa `amalan mutaqabbalā.(O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang napakikinabangan, mabuting tustos, at gawang tinantanggap.kapag nag-umaga.)

Astaghfiru -llāha wa atūbu ilayhi. (100 ulit sa isang araw.) (Humihingi ako ng tawad kay Allah at nagbabalik-loob ako sa Kanya.)

A`ūdhu bikalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq. (Tatlong ulit kapag gumabi.) (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa nilikha Niya.)

Allāhummā ṣalli wa sallim `alā nabīyinā muḥammad. (Sampung ulit.)(O Allah, pagpalain Mo at pangalagaan ang Propeta naming si Muhammad.)

## Ang mga Dhikr sa Pagtulog

Pagdikitin niya ang mga palad niya. Pagkatapos ay bumuga siya sa dalawang ito at bigkasin ang dalawang ito:

Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm (Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)1. Qul huwa -llāhu aḥad. (Sabihin mo: "Siya, si Allah, ay iisa.)2. allāhu -ṣṣamad, (Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan.)3. lam yalid wa lam yūlad (Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.)4. wa lam yakul lahū kufuwan aḥad.(at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay)Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm (Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)1. Qul a`ūdhu birabbi -lfalaq, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway,)2. min sharri mā khalaq, (laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya,)3. wa min sharri ghāsiqin idhā waqab, (laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito,)4. wa min sharri -nnaffāthāti fi -l`uqad (laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol,)5. wa min sharri ḥāsidin idhā ḥasad. (at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.)Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm (Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.)1. Qul a`ūdhu birabbi -nnās, (Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,)2. maliki -nnās, (ang Hari ng mga tao,)3. ilāhi -nnās, (ang Diyos ng mga tao,)4. min sharri -lwaswāsi -lkhannās, (laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong,)5. alladhī yuwaswisu fī ṣudūr -nnās, (na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao,)

6. mina -ljinnati wa -nnās. (na kabilang sa mga jinn at mga tao.)

Pagkatapos ay ipahid niya ang dalawang ito sa makakayang pahiran na bahagi ng katawan niya. Magsimula siya sa [pagpahid ng] dalawang ito sa ulo niya, mukha niya, at sa anumang nasa harap ng katawan niya. Gawin niya iyon nang tatlong ulit.

Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm, lā ta'khudhuhū sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi -ssamāwāti wa mā fi -l'arḍ; man dhā -lladhī yashfa`u `indahū illā bi'idhnih, ya`lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum: wa lā yuḥīṭūna bishay'im min `ilmihī illā bimā shā', wasi'a kursīyuhu -ssamāwāti wa -l'arḍ: wa lā ya'ūduhū hifđuhumā, wa huwa -l`alīyu -l`ađīm. (Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.)

Āmana -rrasūlu bimā unzila ilayhi mir rabbihī wa -lmu'minūn, kullun āmana bi-llāhi wa malā'īkatihī wa kutubihī wa rusulihī lā nufarriqu bayna aḥadim mir rusulih, wa qālū sami`nā wa aṭa`nā: ghufrānaka rabbanā wa ilayka -lmaṣīr. (Sumampalataya ang Sugo sa anumang ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi sa isa man sa mga sugo Niya." At nagsabi pa sila Narinig namin at tumalima kami. Igawad Mo ang kapatawaran Mo Panginoon namin, at tungo sa Iyo ang kahahantungan.)

lā yukallifu -llāhu nafsan illā wus`ahā, lahā mā kasabat wa `alayhā mā -ktasabat; rabbanā lā tu'ākhidhnā in nasīnā aw akhṭa'nā, rabbanā wa lā taḥmil `alaynā iṣran kamā ḥamaltahū `ala -lladhīna min qablinā, rabbanā wa lā tuḥammilnā mā lā ṭāqata lanā bihī: wa -`fu `annā wa -ghfir lanā wa -rḥamnā, anta mawlānā fa-nṣurnā `ala -lqawmi -lkāfirīn. (Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa malibang ayon sa kakayahan nito. Tatamasain nito ang kabutihang nakamit nito at pananagutan nito ang kasamaang nakamtan nito. Panginoon namin, huwag Mo kaming sisihin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpatong sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinatong Mo sa mga nauna sa amin. Panginoon namin, huwag Mo kaming pagpasanin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa ka sa amin. Ikaw ay Tagatangkilik namin, kaya iadya Mo kami laban sa mga taong tumatangging sumampalataya.)

Bi-smika rabbī waḍa`tu jambī, wa bika arfa`uhu, fa'in amsakta nafsī fa-rḥamhā, wa in arsaltahā fa-ḥfađhā bimā taḥfađu bihi `ibādakā -ṣṣālihīn. (Sa ngalan Mo Panginoon ko ay inilalapag ko ang tagiliran ko, at sa Iyo ay inaangat ko ito. Kaya kung kukunin Mo ang kaluluwa ko ay kaawaan Mo ito, at kung pababalikin Mo ito ay pangalagaan Mo ito sa pamamagitan ng ipinangangalaga Mo sa mga lingkod Mong matutuwid.)

Allāhumma innaka khalaqta nafsī wa anta tawaffāhā, laka mamātuhā wa maḥyāhā, in aḥyaytahā fa-ḥfađhā, wa in amattahā fa-ghfir lahā, allāhumma innī as'aluka -l`āfiyah. (O Allah, tunay na Ikaw ay lumikha sa kaluluwa ko, at ikaw ay babawi nito. Nasa Iyo ang kamatayan nito at ang buhay nito. Kung bibigyan Mo ito ng buhay ay pangalagaan Mo ito, at kung aalisan Mo ito ng buhay ay patawarin Mo ito. O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan.)

Allāhumma qinī `adhābaka yawma tab`athu `ibādāk. (O Allah, iligtas Mo ako sa parusa Mo sa Araw na bubuhayin Mo ang mga lingkod Mo.)

Bi-smika -llāhumma amūtu wa aḥyā. (Sa ngalan Mo, o Allah, nabubuhay ako at mamatay ako.)

Subḥāna -llāh (33 ulit, Napakamaluwalhati ni Allah), Alḥamdu lillāh (33 ulit, Ang papuri ay ukol kay Allah), Allāhu akbar (33 ulit, Si Allah ay Pinakadakila)

Allāhumma rabba -ssamawāti -ssab`i wa rabba -l'arḍi wa rabba -l`arshi -l`ađīm, rabbanā wa rabba kulli shay', fāliqa -lḥabbi wa -nnawā, wa munzila -ttawrāti wa -l'injīli wa -lfurqān, a`ūdhu bika min sharri kulli shay'in anta ākhidhum bināṣiyatih. Allāhumma anta -l'awwalu falaysa qablaka shay', wa anta -l'ākhiru falaysa ba`daka shay', wa anta -đđāhir falaysa fawqaka shay', wa anta -lbāṭinu falaysa dūnaka shay', iqḍi `annā -ddayna wa aghninā mina -lfaqr. (O Allah, Panginoon ng pitong langit,

Panginoon ng lupa, at Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, Panginoon namin at Panginoon ng bawat bagay, tagapagpabuka ng mga butil at mga buto, tagapagpababa ng Torah, Ebanghelyo, at Furqān, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa bawat bagay na Ikaw ay dadaklot sa bumbunan nito. O Allah, Ikaw ang Una kaya walang anuman bago Mo, Ikaw ang Huli kaya walang anuman matapos Mo, Ikaw ang Nangingibabaw kaya walang anuman sa ibabaw Mo, Ikaw ang Nakaaarok kaya walang anuman sa ilalim Mo. Wakasan Mo para sa amin ang pagkakautang at payamanin Mo kami laban sa karalitaan.)

Alḥamdu lillāhi -lladhī aṭ`amanā wa saqānā wa kafānā wa āwānā, fakam mimman lā kāfiya lahu wa lā mu'wiya. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagbigay ng kasapatan sa atin, at nagpatira sa atin sapagkat kay rami ng [taong] walang nagbibigay ng kasapatan sa kanya at walang nagpapatuloy.)

Allāhumma `ālima -lghaybi wa -shshahādati fāṭira -ssamāwāti wa -l'arḍi, rabba kulla shay'in wa malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta, a`ūdhu bika min sharri nafsī, wa min sharri -shshayṭāni wa shirkihi, wa an aqtarifa `alā nafsī sū'an aw ajurrahu ilā muslim. (O Allah, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Panginoon ng bawat bagay at Tagapagmay-ari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] paggawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagdulot niyon sa isang Muslim.)

Bibigkasin sa wikang Arabe ang Sūrah 32 (as-Sajdah) at ang Sūrah 67 (al-Mulk).

Allāhumma aslamtu nafsī ilayka, wa fawwaḍtu amrī ilayka, wa wajjahtu wajhī ilayka, wa alja'tu đahrī ilayka, raghbatan wa rahbatan ilayka, lā malja'a wa lā manjā minka illā ilayka, āmantu bikitābika -lladhī anzalta wa binabīyika -lladhī arsalta. (O Allah, isinuko ko ang sarili ko sa Iyo, ipinagkatiwala ko ang kapakanan ko sa Iyo, ibinaling ko ang mukha ko sa Iyo, at ikinanlong ko ang likod ko sa Iyo, dahil sa pangingilabot at pagmimithi sa Iyo. Walang makakanlungan at walang matatakasan mula sa Iyo malibang sa Iyo. Sumampalataya ako sa Aklat Mo na ibinaba Mo at sa Propeta Mo na isinugo Mo.)

## Ang Du`ā' Kapag Bumiling-biling sa Gabi

Lā ilāha illā -llāhu -lwāḥidu -lqahhāru rabbu -ssamāwāti wa -l'arḍi wa mā baynahumā -l`azīzu -lghaffār. (Walang Diyos kundi si Allah, ang Nag-iisa, ang Manlulupig, ang Panginoon ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, ang Nakapangyayari, ang Palapatawad.)

## Ang Du`ā' Para saTakot sa Pagtulog at Para sa Sinumang Dumaranas ng Pangungulila

A`ūdhu bikalimāti -llāhi -ttāmmāti min ghaḍabihi wa `iqābihi, wa sharri `ibādihi, wa min sharri hamazāti -shshayāṭīni wa an yaḥḍurūn. (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa galit Niya at parusa Niya, at laban sa kasamaan ng mga lingkod Niya, at laban sa mga pambubuyo ng mga demonyo at sa pagdating nila.)

## Ang Gagawin Kapag Nanaginip ng Mabuti o Masama

Dudura nang walang kasamang laway sa dakong kaliwa nang tatlong ulit.Magpapakupkop nang tatlong ulit kay Allah laban sa Demonyo at laban sa kasamaan ng napanaginipan.Huwag isasalaysay ito kanino man.Babaguhin ang posisyon ng pagkakahiga.Babangon at magsasagawa ng ṣalāh kung nais iyon

## Ang Du`ā' sa Qunūt sa Witr

Allāhumma -hdinī fīman hadayt, wa `āfinī fīman `āfayt, wa tawallanī fīman tawallayt, wa bārik lī fīmā a`ṭayt, wa qinī sharra mā qaḍayt, fa'innaka taqḍī wa lā yuqḍā `alayk, innahū lā yadhillu man wālayt, wa lā ya`izzu man `ādayt, tabārakta rabbanā, wa ta`ālayt. (O Allah, patnubayan Mo ako kasama ng sinumang pinatnubayan Mo pangalagaan Mo ako kasama ng pinangalagaan Mo tangkilikin Mo ako kasama ng tinangkilik Mo, pagpalain Mo ako sa anumang ibinigay Mo sa akin, ipagsanggalang Mo

ako sa masama sa anumang itinakda Mo sapagkat tunay na Ikaw ay nagtatakda at hindi natatakdaan. Tunay na hindi mahahamak ang sinumang kinampihan Mo at hindi mapararangalan ang sinumang kinalaban Mo. Napakamapagpala Mo, O Panginoon namin, at pagkataas-taas Mo.)

Allāhumma, innī a`ūdhu biriḍāka min sakhaṭika, wa bimu`āfātika min `uqūbatika, wa a`ūdhu bika minka; lā uḥṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kaluguran Mo laban sa pagkayamot Mo, sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo; nagpapakupkop ako sa Iyo mula sa Iyo. Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay gaya ng pagbunyi Mo sa sarili Mo.)

Allāhumma, iyyāka na`budu wa laka nuṣallī wa nasjud, wa ilayka nas`ā wa naḥfid, narjū raḥmataka wa nakhshā `adhābak, inna `adhābaka bi-lkāfirīna mulḥaq. Allāhumma innā nasta`īnuka wa nastaghfiruka wa nuthnī `alayka -lkhayra wa lā nakfuruka wa nu'minu bika wa nakhḍa`u laka wa nakhla`u man yakfuruk. (O Allah, sa Iyo kami sumasamba at sa Iyo kami nagdarasal at nagpapatirapa, sa Iyo kami nagdadali-dali at naglilingkod. Inaasahan namin ang awa Mo at kinatatakutan namin ang parusa Mo; tunay na ang parusa Mo sa mga tumatangging sumampalataya ay dadapo. O Allah tunay na kami ay nagpapatulong sa Iyo, humihingi ng tawad sa Iyo, nagbubunyi sa Iyo sa kabutihan, sumasampalataya sa Iyo, nagpapasailalim sa Iyo, at nagtatatwa sa sinumang tumatangging sumampalataya sa Iyo.)

## Ang Dhikr Pagkatapos ng Salām sa Witr

Subḥāna -lmaliku -lquddūs . (Tatlong ulit) (Napakamaluwalhati ng Haring Banal.)

Sa ikatlo ay lalakasan at pahahabain ang tinig at sasabihin: rabbu -lmalā'ikati wa -rrūh. (ang Panginoon ng mga anghel at ng Espiritu.)

## Ang Du‘ā sa Pag-aalala at Kalungkutan

Allāhumma innī `abduk, ibnu `abdik, ibnu amatik, nāṣīyatī biyadik, māḍin fīya ḥukmuk, `adlun fīya qaḍā'uk, as'aluka bikulli -smin huwa lak, sammayta bihi nafsak, aw anzaltahu fī kitābik, aw `allamtahu aḥadam min khalqik, awi -sta'tharta bihi fī `ilmi -lghaybi `indak, an taj`ala -lqur'āna rabī`a qalbī, wa nūra ṣadrī, wa jalā'a ḥuznī, wa dhahāba hammī. (O Allah, tunay na ako ay alipin Mo, anak ng lalaking alipin Mo, at anak ng babaing alipin Mo. Ang bumbunan ko ay nasa kamay Mo, matutupad sa akin ang hatol Mo, at makatarungan sa akin ang paghuhukom Mo. Hinihiling ko sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan na taglay Mo na ipinangalan Mo sa sarili Mo, o ibinaba Mo sa Aklat Mo, o itinuro mo sa isa sa mga nilikha Mo, o sinarili Mo sa kaalaman sa nakalingid na nasa Iyo, na gawin Mo ang Qur'an bilang bukal ng puso ko, liwanag ng dibdib ko, tagapagpalisan ng kalungkutan ko, at tagapag-alis ng pag-aalala ko.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lhammi wa -lḥuzni wa -l`ajzi wa -lkasali wa -lbukhli wa -ljubni, wa ḍala`i -ddayni wa ghalabati -rrijāl. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin, kalungkutan, kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, karuwagan, bigat ng utang, at panggagapi ng mga tao.)

## Ang Du`ā' sa Pagdadalamhati

Lā ilāha illā -llāhu -l`ađīmu -lḥalīm, lā ilāha illā -llāhu rabbu -l`arshi -l`ađīm, lā ilāha illā -llāhu rabbu -ssamawāti wa rabbu -l'arḍi wa rabbu -l`arshi -lkarīm. (Walang Diyos kundi si Allah, ang Sukdulan, ang Matimpiin. Walang Diyos kundi si Allah, ang Pangioon ng tronong sukdulan sa laki. Walang Diyos kundi si Allah, ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Panginoon ng tronong marangal.)

Allāhumma raḥmataka arjū falā takilnī ṭarfata `ayn, wa aṣliḥ lī sha'nī kullah, lā ilāha illā ant. (O Allah, ang awa mo ay inaasahan ko kaya huwag Mo akong ipagkatiwala sa sarili ko sa isang kisap-mata, at pabutihin Mo ang buong kalagayan ko. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw.)

Lā ilāha illā anta subḥānaka innī kuntu mina -đđālimīn. (Walang Diyos kundi Ikaw, kaluwalhatian sa Iyo; tunay na ako dati ay kabilang sa mga lumalabag sa katarungan.)

Allāhu Allāhu rabbī lā ushriku bihi shay'ā. (Si Allah, si Allah ay Panginoon ko. Hindi ako nagtatambal sa Kanya ng anuman.)

## Ang Du`ā' sa Pakikipagtagpo sa Kaaway at May Kapamahalaanan

Allāhumma innā naj`aluka fī nuḥūrihim wa na`ūdhu bika min shurūrihim. (O Allah, tunay na kami ay naglalagay sa Iyo sa mga leeg nila at nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga kasamaan nila.)

Allāhumma anta `aḍudī, wa anta naṣīrī, bika aḥūlu, wa bika aṣūlu, wa bika uqātil. (O Allah, Ikaw ang bisig ko at Ikaw ang tagaadya ko; dahil sa Iyo ay nagpapakana ako [sa kalaban], dahil sa Iyo ay lumulusob, at dahil sa Iyo ay nakikipaglaban ako.)

Ḥasbuna -llāhu wa ni`ma -lwakīl. (Sapat sa amin si Allah; kay inam na Katiwala.)

## Ang Du`ā' ng Isang Nangamba sa Paniniil ng May Kapamahalaanan

Allāhumma rabba -ssamawāti -ssab`i wa rabba -l`arshi -l`ađīm, kun lī jāram min [banggitin ang pangalan ng tinutukoy] wa aḥzābihi min khalā'iqika, an yafruṭa `alayya aḥadum minhum aw yaṭghā, `azza jāruka wa jalla thanā'uka, wa lā ilāha illā ant. (O Allah, Panginoon ng pitong langit at Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, maging tagakandili Ka para sa akin laban kay [banggitin ang pangalan ng tinutukoy] at mga kakampi niya na kabilang sa mga nilikha mo, nang hindi magmadali [sa pagparusa] sa akin ang isa sa kanila o magmalabis. Kamahal-mahalan ang pagkandili Mo at kapita-pitagan ang pagbubunyi sa Iyo. Walang Diyos kundi Ikaw.)

Allāhu akbar, allāhu a`azzu min khalqihi jamī`ā, allāhu a`azzu mimmā akhāfu wa aḥdhar, a`ūdhu bi-llāhi -lladhī lā ilāha illā huwa, almumsiku -ssamāwāti -ssab`i an yaqa`na `ala -l'arḍi illā bi-idhnih, min sharri `abdika fulāni wa junūdihi wa atbā'ihi wa ashyā'ihi mina -ljinni wa -l'ins, allāhumma kun lī jāram min sharrihim, jalla thanā'uka wa 'azza jāruka, wa tabāraka -smuka, wa lā ilāha ghayruk. (Si Allah ay pinakadakila. Si Allah ay Pinakamakapangyarihan sa lahat ng nilikha Niya. Si Allah ay Pinakamakapangyarihan sa pinangangambahan ko at pinag-iingatan ko. Nagpapakupkop ako kay Allah na walang Diyos kundi Siya, ang tagapigil ng pitong langit sa pagbagsak sa lupa malibang may kapahintulutan Niya, laban sa kasamaan ng alipin Mong si Pulano, ng mga kawal niya, ng mga tagasunod niya, at ng mga alagad niya na kabilang sa mga jinni at mga tao. O Allah, maging tagakandili Ka para sa akin laban sa kasamaan nila. Kapita-pitagan ang pagbubunyi sa Iyo at kamahal-mahalan ang pagkandili Mo. Napakamapagpala ng pangalan Mo. Walang Diyos na iba pa sa Iyo.)

## Ang Du`ā' Laban sa Kaaway

Allāhumma munzila -lkitāb, sari`a -lḥisāb, ihzimi -l'aḥzāb, allāhumma -hzimhum wa zalzilhum. (O Allah, ang Tagapagbaba ng kasulatan, ang Mabilis sa pagtutuos, gapiin Mo ang mga magkakampi; O Allah gapiin Mo sila at yanigin Mo sila.)

## Ang Sasabihin ng Sinumang Natatakot sa Pamiminsala ng Ibang Tao

Allāhumma -kfinīhim bimā shi'ta. (O Allah, ipagtanggol Mo ako laban sa kanila sa pamamagitan ng anumang ninais Mo.)

## Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Pagdududa sa Pananampalataya

Magpakupkop siya kay Allah.Itigil niya ang anumang dahilan o sanhi ng pagdududa.At sabihin niya: Sumampalataya ako kay Allah at sa mga sugo Niya.Bigkasin niya ng sinabi ni Allah:Huwa -l'awwalu

wa -l'ākhiru wa -đđāhiru wa -lbāṭinu wa huwa bikulli shay'in `alīm. (Siya ang Kauna-unahan at ang Kahuli-hulihan, ang Nangingibabaw at ang Nakaaarok. Siya sa bawat bagay ay Maalam.)

## Panalangin sa Pagbabayad ng Utang

Allāhumma --kfinī biḥalālika `an ḥarāmika, wa aghninī bifaḍlika `amman siwāk. (O Allah, bigyan Mo ako ng kasapatan sa pamamagitan ng ipinahihintulot Mo sa halip ng ipinagbabawal Mo at payamanin Mo ako sa pamamagitan ng kabutihang-loob Mo sa halip ng sinumang iba pa sa Iyo.

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lhammi wa -lḥazani wa -l`ajzi wa -lkasali wa -lbukhli wa -ljubni, wa ḍala`i -ddayni wa ghalabati -rrijāl. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin, kalungkutan, kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, karuwagan, bigat ng utang, at panggagapi ng mga tao.)

## Ang Du`ā' Laban sa Panggagambala ng Demonyo sa Sandali ng Ṣalāh at Pagbabasa ng Qur'an

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm. (Dumura ka sa gawing kaliwa mo nang tatlong ulit.) (Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa.)

## Ang Du`ā' ng Sinumang Nahirapan sa Isang Bagay

Allāhumma lā sahla illā mā ja`altahu sahla wa anta taj`alu -lḥazana idhā shi'ta sahlā. (O Allah, walang madali kundi ang ginawa Mo na [maging] madali at Ikaw ay gumagawa sa kalungkutan, kapag niloob Mo, na [maging] madali.

## Ang Gagawin at Sasabihin ng Sinumang Nagkasala ng Isang Pagkakasala

Kapag may isang alipin [ni Allah] na nagkasala ng isang pagkakasala at pagkaraan ay mahusay na nagsagawa ng wuḍū' at pagkatapos ay nagdasal ng dalawang rak`ah at pagkatapos ay humingi ng tawad kay Allah, patatawarin siya ni Allah.

## Ang Du`ā' ng Pagtataboy sa Demonyo at mga Bulong Nito

Ang pagpakupkop kay Allah laban sa Demonyo.

Ang pagsambit ng adhān.

## Ang pagsambit ng mga dhikr at ang pagbigkas ng Qur'an

Ang Du`ā' Kapag Nasadlak sa Hindi Ikinasisiya o Pinanghinaan

Qadaru -llāhi wa mā shā'a fa`al. (Pagtatakda ni Allah [ito] at ang anumang niloob Niya ay gagawin Niya.)

## Ang Pagbati sa Pinagkalooban ng Anak at ang Pagtugon Nito

Bāraka -llāhu laka fi -lmawhūbi lak, wa shakarta -lwāhib, wa balagha ashuddah, wa ruziqta birrah. (Magkaloob nawa ng pagpapala si Allah sa iyo dahil sa ipinagkaloob para sa iyo, magpasalamat ka nawa sa Nagkakaloob, sumapit nawa ito sa kahustuhan ng gulang nito, at pagkalooban ka nawa ng pagpapakabuti nito.)Tutugon sa bumabati ang binabati at sasabihin:Bāraka -llāhu laka, wa bāraka `alayka, jazāka -llāhu khayrā, wa razaqaka -llāhu mithlah, wa ajzala thawābak. (Magkaloob nawa ng pagpapala si Allah sa iyo at magpanatili nawa Siya ng pagpapala sa iyo. Gantihan ka nawa ni Allah ng mabuti. Pagkalooban ka nawa ni Allah ng tulad nito at pasaganahin nawa Niya ang gantimpala sa iyo.)

## Ang Du`ā' sa Pagpapakupkop sa mga Bata kay Allah

Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, noon ay dumadalanging kupkupin ni Allah sina Ḥasan at Ḥusayn Malugod si Allah sa kanilang dalawa.U`īdhukumā bikalimātillāhi-tāmmah min kulli shayṭānin wa hāmmah, wa min kulli `aynin lāmmah. (Ipinakukupkop ko kayo sa mga ganap na salita ni Allah laban sa bawat demonyo at salot at laban sa bawat matang masama.)

## Ang Du`ā' Para sa Maysakit sa Pagdalaw sa Kanya

Lā ba'sa ṭahūrun in shā'a -llāh. (Walang kapinsalaan, [ang sakit ay] panlinis [sa kasalanan] kung loloobin ni Allah.)As'alu -llāha --l`aḏīma rabba --l`arshi --l`aḏīmi an yashfiyak. (Pitong ulit.) (Hinihiling ko kay Allah, ang Sukdulan, ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, na pagalingin ka nawa Niya.)

## Ang Kainaman ng Pagdalaw sa Maysakit

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Kapag dumalaw ang lalaki sa kapatid niyang Muslim ay [para bagang] naglalakad siya na namimitas sa Paraiso hanggang sa maupo siya. Kapag naupo siya ay lilipusin siya ng awa. Kung iyon ay umaga, mananalangin para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa gumabi. Kung iyon ay gabi, mananalangin para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa mag-umaga.

## Ang Du`ā' ng Maysakit na Nawawalan ng Pag-asa sa Buhay Niya

(Allāhumma -ghfir lī wa -rḥamnī wa alḥiqnī bi-rrafīqi --l'a`lā. (O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, at isama Mo ako sa Kataas-taasang Kasama.)

Nagawa ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa sandali ng kamatayan niya, na magpasok ng mga kamay niya sa tubig ay ipinapampunas niya ang mga ito sa mukha niya at nagsasabi:

Lā ilāha illa -llāh; inna lilmawti sakarāt. (Walang Diyos kundi si Allah; tunay na ang kamatayan ay talagang may mga pasakit.)

Lā ilāha illa -llāhu wa -llāhu akbar, lā ilāha illa -llāhu waḥdah, lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lā ilāha illa -llāhu lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, lā ilāha illa -llāhu wa lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh. (Walang Diyos kundi si Allah. Si Allah ay Pinakadakila. Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya. Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Walang Diyos kundi si Allah. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Walang Diyos kundi si Allah. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.)

## Ang Pagpapabigkas ng Shahādah sa Naghihingalo

Nagsabi ang Sugo, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: Ang sinumang ang huling pangungusap niya ay Lā ilāha illa -llāh ay papasok sa Paraiso.

## Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Isang Kasawian

Inna lillāhi wa innā ilayhi rāji`ūn, Allāhumma 'jurnī fī muṣībatī wa akhlif lī khayram minhā. (Tunay na tayo ay kay Allah at tunay na tayo ay sa Kanya magbabalik. O Allah, gantimpalaan mo ako dahil sa kasawian ko at palitan Mo ako ng mainam kaysa rito.)

## Ang Du`ā' sa Pagpapapikit sa Patay

Allāhumma -ghfir li (Banggitin ang pangalan ng patay), wa -rfa` darajatahu fi -lmahdiyīn, wakhlufhu fī `aqibihi fi -lghābirīn, wa -ghfir lanā wa lahu yā rabba -l`ālamīn, wa -fsaḥ lahu fī qabrihi wa nawwir lahu

fīh. (O Allah, patawarin Mo si (Banggitin ang pangalan ng patay), at iangat Mo ang antas niya sa mga ginabayan, at sa supling niya kabilang sa mga mga natitirang buhay, patawarin Mo kami at siya, o Panginoon ng mga nilalang, magpaluwag Ka para sa kanya sa libingan niya, at magtanglaw Ka para sa kanya sa loob niyon.)

## Ang Du`ā' Para sa Patay sa Ṣalāh Para sa Kanya

Allāhumma -ghfir laHU wa -rḥamHU wa `āfiHI wa`fu `anHU, wa akrim nuzulaHU wa wassi` mudkahlaHU, wa -ghsilHU bi-lmā'i wa -ththalji wa -lbarad, wa naqqiHI mina -lkhaṭāyā, kamā naqqayta -ththawba -l'abyaḍa mina -ddanas, wa abdilHU dāran khayram min dāriHI wa ahlan khayram min ahliHI, wa zawjan khayram min zawjiHI, wa adkhilHU -ljannah, wa a`idhHU min `adhābi -lqabri wa `adhābi -nnār. (O Allah, patawarin Mo SIYA; kaawaan Mo SIYA; pangalagaan Mo SIYA; pagpaumanhinan Mo SIYA; paalwanin Mo ang kaloob sa KANYA; paluwagin Mo ang libingan NIYA; hugasan Mo SIYA sa pamamagitan ng tubig, yelo at niyebe; linisin Mo SIYA mula sa mga kamalian gaya ng paglinis Mo sa puting damit mula sa karumihan; magbigay Ka sa KANYA ng tahanang higit na mainam kaysa sa tahanan niya, ng mag-anak na higit na mainam kaysa sa mag-anak niya, at ng asawang higit na mainam kaysa sa asawa niya; papasukin Mo SIYA sa Paraiso; at kupkupin Mo SIYA laban sa pagdurusa sa libingan at pagdurusa sa Impiyerno.)

Allāhumma -ghfir liḥayyinā wa mayyitinā, wa shāhidinā wa ghā'ibinā, wa saghīrinā wa kabīrinā, wa dhakarinā wa unthānā. Allāhumma man aḥyaytahu minnā fa'aḥyihi `ala -l'islām, wa man tawaffaytahu minnā fatawwaffahu `ala -l'īmān. Allāhumma lā taḥrimnā ajrahu, wa lā tuḍillanā ba`dah. (O Allah, patawarin Mo ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin. O Allah, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo siya sa Islam at ang sinumang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo ng buhay na nasa pananampalataya. O Allah, huwag Mong ipagkait sa amin ang kabayaran [sa pagtitiis] para sa kanya at huwag Mo kaming iligaw ngayong wala na siya.)

Allāhumma inna Fulāna -bna Fulānin fī dhimmatika wa ḥabli jiwārika, faqihi min fitnati -lqabri wa `adhābi -nnāri wa anta ahlu -lwafā'i wa -lḥaqq, fa-ghfir lahu wa -rḥamhu innaka anta -lghafūru -rraḥīm. (O Allah, tunay na si Pulano na anak ni Pulano ay nasa pangangalaga Mo at nasa lubid ng pagkandili Mo at ipagsanggalang Mo siya sa tukso sa libingan at pagdurusa sa Apoy yamang Ikaw ay ang nagtataglay ng pagtupad at katotohanan. Kaya patawarin Mo siya, kaawaan Mo siya; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)

Allāhumma, `abduka wa -bnu amatika -ḥtāja ilā raḥmatika wa anta ghanīyun `an `adhābih; in kāna muḥsinan fazid fī ḥasanātihi, wa in kāna musī'an fatajāwaz `anhu. (O Allah, ang alipin Mo at anak ng babaing alipin Mo ay nangailangan sa awa Mo gayong Ikaw ay walang pangangailangan sa pagpaparusa sa kanya. Kung siya ay gumagawa ng maganda ay magdagdag Ka sa [gantimpala sa] mga magandang gawa niya; kung siya naman ay gumagawa ng masama ay magpaumanhin Ka sa kanya.)

## Ang Du`ā' Para sa Namatay na Bata sa Ṣalāh Para sa Kanya

Allāhumma a`idhHU min `adhābi -lqabr. (O Allah, kupkupin Mo siya laban sa pagdurusa sa libingan.)

At mabuti rin kung sinabi niya:Allāhumma -j`alHU faraṭan wa dhukhral liwālidayHI wa shafī`am mujābā; Allāhumma tḥaqqil biHI mawāzīnahuma, wa a`ḍim bihi ujūrahumā, wa alḥiqHU biṣālihi -lmu'minīn, wa -j`alHU fī kafālati ibrāhīm, wa qihi biraḥmatika `adhāba -ljaḥīm, wa abdilHU dāran khayram min dāriHI, wa ahlan khayram min ahliHI; Allāhumma -ghfir li'aslāfinā wa afrāṭinā wa man sabaqanā bi-l'īmān. (O Allah, gawin Mo siya na isang paunang gantimpala at isang laang yaman para sa mga magulang niya at isang tagapamagitan na tutugunin. O Allah, pabigatin Mo ang mga timbang [ng mga mabuting gawa] nilang dalawa sa pamamagitan niya, palakihin Mo ang mga gantimpala nilang dalawa sa pamamagitan niya, isama Mo siya sa matuwid na mga mananampalataya, ilagay Mo siya sa pangangalaga ni Ibrāhīm, at pangalagaan Mo siya sa pamamagitan ng awa Mo laban sa pasakit sa Impiyerno, at bigyan Mo siya ng tahanang higit na mainam kaysa sa tahanan niya at ng

mag-anak na higit na mainam kaysa sa mag-anak niya. O Allah, patawarin Mo ang mga sinundan namin, ang mga namatay na batang anak namin, at ang sinumang nakauna sa amin sa pananampalataya.)

Allāhumma -j`alHU lanā faraṭan wa salafan wa ajrā. (O Allah, gawin Mo siya para sa amin na isang paunang gantimpala, paunang bayad, at kabayaran [sa amin].)

## Ang Du`ā' ng Pakikiramay

Inna lillāhi mā akhadha, wa lahu mā a`ṭā, wa kullu shay'in `indahu bi'ajalim musammā, faltaṣbir waltaḥtasib. (Tunay na ukol kay Allah ang kinuha Niya, Kanya ang ibinigay Niya, at bawat bagay sa ganang Kanya ay may takdang taning, kaya magtiis ka at umasang gagantimpalaan.)At mabuti rin kung sinabi pa:A`đama -llāhu ajrak, wa aḥsana `azā'ak, wa ghafara limayyitik.(Palakihin nawa ni Allah ang gantimpala sa iyo, pagandahin nawa Niya ang pag-alo sa iyo, at patawarin nawa Niya ang patay mo.)

## Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapasok sa Patay sa Libingan

Bismi -llāhi wa `alā sunnati rasūli -llāh. (Sa ngalan ni Allah at batay sa Sunnah ng Sugo ni Allah.)

## Ang Du`ā' Matapos ang Paglilibing sa Patay

Allāhumma -ghfir lahu, Allāhumma thabbithu. (O Allah, patawarin Mo siya; o Allah patatagin Mo siya.)

## Ang Du`ā' sa Pagdalaw sa mga Libingan

Assalāmu `alaykum ahla -ddiyār mina -lmu'minīn wa -lmuslimīn, wa innā in shā'a -llāhu bikum lāḥiqūn, wa yarḥamu -llāhu -lmustaqdimīna minnā wa -lmusta'khirīn, as'alu -llāha lanā wa lakum al`āfiyah.( Ang kapayapaan ay sumainyo, o mga nanunuluyan sa mga libingan, mula sa mga mananampalataya at mga Muslim. Tunay na kami, kung niloob ni Allah, sa inyo ay susunod. Kaawaan nawa ni Allah ang mga nauna sa amin at ang mga mahuhuli. Hinihiling ko kay Allah para sa amin at para sa inyo ang kagalingan.)

## Ang Du`ā' Kapag Umihip ang Hangin

Allāhumma innī as'aluka khayrahā, wa a`ūdhu bika min sharrihā. (O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng kabutihan nito at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan nito.)

Allāhumma innī as'aluka khayrahā, wa khayra mā fīhā, wa khayra mā ursilat bihi, wa a`ūdhu bika min sharrihā, wa sharri mā fīhā, wa sharri mā ursilat bih. (O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng kabutihan nito, ng kabutihan ng nasa loob nito, at ng kabutihan ng bagay na ipinadala kalakip nito; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan nito, sa kasamaan ng nasa loob nito, at sa kasamaan ng bagay na ipinadala kalakip nito.)

## Ang Du`ā' sa Pagkulog

Subḥāna -lladhī yusabbiḥu -rra`du biḥamdihi wa -lmalā'ikatu min khīfatihi. (Napakamaluwalhati Niya na niluluwalhati ng kulog kalakip ng papuri sa Kanya at ng mga anghel dahil sa pangamba sa Kanya.)

## Ilan sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Ulan

Allāhumma asqinā ghaytham mughītham marī'am murī`an nāfi`an ghayra ḍārrin `ājilan ghayra ājil. (O Allah, patubigan Mo kami ng isang ulan na sumasaklolo na kasiya-siya na mabunga na napakikinabangan hindi nakapipinsala, kaagad-agad hindi naaantala.)

Allāhumma aghithnā, Allāhumma aghithnā, Allāhumma aghithnā.( O Allah, saklolohan Mo kami; o Allah, saklolohan Mo kami; o Allah, saklolohan Mo kami.)

Allāhumma -sqi `ibādaka wa bahā'imaka, wa -nshur raḥmataka, wa aḥyi baladaka -lmayyit.( O Allah, painumin Mo ang mga alipin Mo at ang mga hayop Mo, ipalaganap Mo ang awa Mo, at buhayin Mo ang lupa Mong patay.)

## Ang Du`ā' Kapag Bumuhos ang Ulan

Allāhumma ṣayyiban nāfi`ā. (O Allah, [gawin Mo ito na] isang ulan na napakikinabangan.)

## Ang Du`ā' Matapos ang Pagbuhos ng Ulan

Muṭirnā bifaḍli -llāhi wa raḥmatih. (Inulan tayo dahil sa kabutihang-loob ni Allah at awa Niya.

## Isa sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Pagtila ng Ulan

Allāhumma ḥawālaynā wa lā `alaynā; Allāhumma `ala -ākāmi wa -đđirābi wa buṭūni -l'awdiyati wa manābiti -shshajar. (O Allah, [paulanin Mo] sa palibot namin hindi laban sa amin; o Allah sa mga burol, mga talampas, at mga kaloob-looban ng mga lambak, at mga tinutubuan ng punong-kahoy.)

## Ang Du`ā' sa Pagkakita ng Bagong Buwan

Allāhu akbar, Allāhumma ahillahu `alaynā bi-l'amni wa -l'īmān, wa -ssalāmati wa -l'islām, wa -ttawfīqi limā tuḥibbu rabbanā wa tarḍā, rabbunā wa rabbuka -llāh. (Si Allah ay pinakadakila. O Allah, palitawin Mo itong [buwan] sa ibabaw namin sa katiwasayan, pananampalataya, kaligtasan, Islam, at pagpapaayon sa anumang naiibigan Mo, Panginoon namin, at kinasisiyahan Mo. Ang Panginoon namin at ang Panginoon mo ay si Allah.)

## Ang Du`ā' sa Sandali ng Ifṭār

Dhahaba -đđama'u wa -btallati -l`urūqu wa thabata -l'ajru in shā'a -llāh. (Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat at natiyak ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.)

Allāhumma innī as'aluka biraḥmatika -llatī wasi`at kulla shay'in an taghfira lī. (O Allah, tunay na ako ay humihiling, sa pamamagitan ng awa Mo na sumaklaw sa bawat bagay, na patawarin Mo ako.)

## Ang Du`ā' Bago Kumain

Kapag kakain ang isa sa inyo ng isang pagkain ay sabihin niya: Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allah) at kung nakalimutan niya sa simula nito ay sabihin niya: Bismi -llāhi fī awwalihi wa ākhirihi (Sa ngalan ni Allah sa simula nito at sa wakas nito).

Ang sinumang pinakain ni Allah ng pagkain ay sabihin niya:Allāhumma bārik lanā fīhi wa aṭ`imnā khayram minhu (O Allah, magbiyaya Ka sa amin dahil dito at magpakain Ka sa amin ng higit na mabuti kaysa rito). Ang sinumang pinainom ni Allah ng gatas ay sabihin niya: Allāhumma bārik lanā fīhi wa zidnā minhu (O Allah, magbiyaya Ka sa amin dahil dito at magdagdag Ka sa amin nito).

## Ang Du`ā' Kapag Natapos Kumain

Alḥamdu lillāhi -lladhī aṭ`amanī hādhā, wa razaqanīhi min ghayri ḥawlim minnī wa lā qūwah. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagkaloob sa akin nito nang walang kapangyarihan mula sa akin ni lakas.)

Alḥamdu lillāhi ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīhi ghayra makfīyin wa lā muwadda`in wa lā mustaghnan `anhu rabbanā.  (Ang papuri ay ukol kay Allah papuring marami, mabuti, pinagpapala na hindi matutumbasan, na hindi maiiwan, na hindi maiwawala rito ang pangangailangan sa Panginoon natin.)

## Ang Du`ā' ng Panauhin sa May-ari ng Pagkain

Allāhumma bārik lahum fīmā razaqtahum wa -ghfir lahum wa -rḥamhum. (O Allah, biyayaan Mo sila sa anumang itinustos Mo sa kanila, patawarin Mo sila, at kaawaan Mo sila.)

Ang Du`ā' sa Isang Nagpa-inom o Kapag Ninais Niya Iyon

Allāhumma aṭ`im man aṭ`amanī wa -sqi man saqānī. (O Allah, pakainin Mo ang sinumang nagpakain sa akin at painumin Mo ang sinumang nagpainom sa akin.)

## Ang Du`ā' Kapag Nagsasagawa ng Iftār sa Piling ng Isang Mag-anak

Afṭara `indakumu -ṣṣā'imūna wa akala ta`āmakumu -l'abrāra wa sallat `alaykumu -lmalā'ikah. (Nagsagawa ng iftār sa piling ninyo ang mga nag-aayuno, kumain ng pagkain niyo ang mga nagpapakabuti, at dumalangin para sa inyo ang mga anghel.)

## Ang Du`ā' ng Nag-aayuno Kapag Dinalhan ng Pagkain at Hindi Kumain

Kapag inanyayahan ang isa sa inyo [sa pagkain] ay tumugon siya. Kung siya ay nag-aayuno ay dumalangin siya [para sa nag-anyaya]. Kung siya ay hindi nag-aayuno ay kumain siya.Ang kahulugan ng Magdasal siya ay manalangin siya.

## Ang Sasabihin ng Nag-aayuno Kapag Inalipusta Siya

Innī sāimun, innī sā'im. (Tunay na ako ay nag-aayuno; tunay na ako ay nag-aayuno.)

## Ang Du`ā' Pagkakita ng Unang Bunga ng Datiles

Allāhumma bārik lanā fī thamarinā, wa bārik lanā fī madīnatinā, wa bārik lanā fī ṣā`inā, wa bārik lanā fī muddinā. (O Allah, magbiyaya Ka sa amin dahil sa bunga namin, magbiyaya Ka sa amin dahil sa lungsod namin, magbiyaya Ka sa amin dahil sa salop namin, magbiyaya Ka sa amin dahil sa gantang namin.)

## Ang Du`ā' sa Pagbahin

Kapag bumahin ang isa sa inyo ay sabihin niya: Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah) at sabihin naman sa kanya ng kapatid niya o kasama niya: Yarḥamuka -llāh (Kaawaan ka ni Allah). Kapag sinabi nito sa kanya na Yarḥamuka -llāh ay sabihin naman niya: Yahdīkumu-llāhu wa yuṣlihu bālakum (Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang kalagayan ninyo).

## Ang Sasabihin sa Kāfir Kapag Bumahin Siya at Nagpuri

Yahdīkumu -llāhu wa yuṣlihu bālakum. (Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang kalagayan ninyo.)

## Ang Du`ā' sa Bagong Kasal

Bārakallāhu laka, wa bāraka `alayka, wa jama`a baynakumā fī khayr. (Magkaloob nawa ng pagpapala si Allah sa iyo, magpanatili nawa Siya ng pagpapala sa iyo, at pagsamahin nawa Niya kayo sa kabutihan.)

## Ang Du`ā' ng Magpapakasal at sa Pagbili ng Hayop

Kapag magpapakasal ang isa sa inyo sa isang babae o kapag bibili ng isang utusan ay sabihin niya: Allāhumma as'aluka khayrahā wa khayra mā jabaltahā `alayhi wa a`ūdhu bika min sharrihā wa sharri mā jabaltahā `alayh (O Allah, humihiling ako sa Iyo ng kabutihan nito at kabutihan ng pagkalalang Mo rito at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasaamaan nito at kasaaman ng pagkalalang Mo rito).

Kapag bumili naman ng isang kamelyo ay hawakan niya ang umbok nito at sabihin niya ang tulad niyon.

## Ang Du`ā' Bago Makipagtalik sa Maybahay

Bismi -llāh. Allāhumma jannibna -shshayṭāna wa jannibi -shshayṭāna mā razaqtanā. (Sa ngalan ni Allah. O Allah, ilayo Mo sa amin ang Demonyo at ilayo Mo ang Demonyo sa [anak na] ipinagkaloob Mo sa amin.)

## Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkagalit

A `ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm. (Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa.)

## Ang Du`ā' ng Nakakita ng Isang Dinapuan ng Kasawian

Alḥamdu lillāhi -lladhī `āfānī mimmā -btalāka bihi wa faḍḍalanī `alā kathīrim mimman khalaqa tafḍīlā. (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagligtas sa akin mula sa kasawiang dumapo sa iyo at nagtangi sa akin nang higit na pagtangi kaysa sa marami sa nilikha Niya.)

## Ang Sinasabi sa Pagtitipon

Ayon kay Ibnu `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa, na nagsabi :May nabibilang noon sa Sugo ni Allah Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa isang pagkakaupo na isang daang ulit [na ganitong panalangin] bago siya tumayo: (Rabbi -ghfir lī wa tub `alayya innaka anta -ttawwābu-l ghafūr (Panginoon ko, patawarin Mo ako at tanggapin Mo ang pagbabalik-loob ko; tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pababalik-loob, ang Mapagpatawad).

## Ang du`ā' na Panakip-sala Matapos ang Pagtitipon

Subḥānaka -llāhumma wa biḥamdika, ashhadu al lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa atūbu ilayk. (Napakamaluwalhati Mo, O Allah, at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabi sa iyo ng: Ghafara -llahu lak (Magpatawad Nawa si Allah sa iyo).

Wa laka. (At sa iyo nawa.)

## Ang Du`ā' Para sa Sinumang Gumawa sa Iyo ng Mabuti

Jazāka -llāhu khayrā. (Gantihan ka nawa ni Allah ng mabuti.)

## Ang Pananggalang Mula kay Allah Laban sa Bulaang Kristo

Ang sinumang nakasaulo sa sampung āyah mula sa unang bahagi ng Sūrah Al-Kahf ay maisasanggalang laban sa Bulaang Kristo.At ang pagpapakupkop kay Allah laban sa tukso ng Bulaang Kristo pagkatapos ng Huling Tashahhud sa bawat ṣalāh.

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabing mahal Kita Alang-alang kay Allah.

Aḥabbaka -lladhī aḥbabtanī lahu. (mahalin ka nawa Niyang nagmahal ka sa akin dahil sa Kanya.)

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nag-alok sa Iyo ng Yaman Niya

Bāraka -llāhu laka fī ahlika wa mālika. (Pagpalain ka ni Allah sa mag-anak mo at yaman mo.)

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nagpautang sa Sandali ng Pagbabayad

Bāraka -llāhu laka fī ahlika wa mālika; innamā jazā'u -ssalafi -lḥamdu wa -l'adā'. (Pagpalain ka ni Allah sa mag-anak mo at yaman mo. Ang ganti lamang sa pautang ay papuri at pagbabayad.)

## Ang Du`ā' sa Pangamba sa Shirk

Allāhumma innī a`ūdhu bika an ushrika bika wa anā a`lamu wa astaghfiruka limā lā a`lam. (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo na magtambal ako sa Iyo samantalang ako ay nakaaalam at humihingi ako sa Iyo ng tawad sa anumang hindi ko nalalaman.)

## Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabi sa Iyo ng Bāraka -llāhu fīka (Pagpalain Ka ni Allah).

Wa fīka bāraka -llāh. (At ikaw rin, pagpalain ka ni Allah.)

## Ang Du`ā' ng Pagkasuklam sa Paniniwala sa Dahilan ng Kamalasan

Allāhumma lā ṭayra illā ṭayruka wa lā khayra illā khayruka wa lā ilāha ghayruk. (O Allah, walang dahilan ng kamalasan kundi ang dahilan ng kamalasang mula sa Iyo, walang kabutihan kundi ang kabutihang mula sa Iyo, at walang Diyos maliban sa Iyo.)

## Ang Du`ā' sa Pagsakay

Bismi -llāhi, alḥamdu lillāh. (Sa ngalan ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah.)Subḥāna -lladhī sakhkhara lanā hādhā, wa mā kunnā lahū muqrinīn. (Napakamaluwalhati Niya na nagpasunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana makakakaya.)wa innā ilā rabbinā lamunqalibūn; (Tunay na kami sa Panginoon namin ay talagang magbabalik.)alḥamdu lillāh, alḥamdu lillāh, alḥamdu lillāh; Allāhu akbar, Allāhu akbar, Allāhu akbar; subḥānaka -llāhumma innī đalamtu nafsī fa-ghfir lī fa'innahu lā yaghfiru -dhdhunūba illā ant. (Ang papuri ay ukol kay Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, ang papuri ay ukol kay Allah. Si Allah ay pinakadakila, si Allah ay pinakadakila, si Allah ay pinakadakila. Napakamaluwalhati Mo, O Allah, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko kaya magpatawad Ka sa akin sapagkat tunay na walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.)

## Ang Du`ā' ng Naglalakbay

Allāhu akbar, Allāhu akbar, Allāhu akbarSubḥāna -lladhī sakhkhara lanā hādhā, wa mā kunnā lahū muqrinīn. (Napakamaluwalhati Niya na nagpasunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana makakakaya.)wa innā ilā rabbinā lamunqalibūn; (Tunay na kami sa Panginoon namin ay talagang magbabalik.)Allāhumma innā nas'aluka fī safarinā hādha -lbirra wa -ttaqwā wa mina -l`amali mā tarḍā; Allāhumma hawwin `alaynā safaranā hādhā, wa -ṭwi `annā bu`dah; Allāhumma anta -ṣṣāhibu fi -ssafar, wa -lkhalīfatu fi -l'ahl; Allāhumma innī a`ūdhu bika min wa`thā'i -ssafar, wa ka'ābati -lmanđar, wa sū'i -lmunqalabi fi -lmāli wa -l'ahl. (O Allah, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay naming ito ng kabutihan, pangingilag sa pagkakasala, at gawang ikalulugod Mo. O Allah, pagaanin Mo sa amin ang paglalakbay naming ito at paiksiin Mo para sa amin ang layo nito. O Allah, Ikaw ang kasama sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hirap ng paglalakbay, laban sa panglaw ng tanawin, laban sa kasaklapan ng madadatnan sa ari-arian at mag-anak.)Kapag pauwi na ay sasabihin muli ang panalanging ito at idagdag ang sumusunod:Āyibūna, tā'ibūna, `ābidūna, lirabbinā ḥāmidūn. ([Tayo ay] mga umuuwi, na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na sa Panginoon natin ay mga nagpupuri.)

## Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Nayon o Bayan

Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i wa mā ađlalna, wa rabba -l'arḍīna -ssab`i wa mā aqlalna, wa rabba -shshayāṭīna wa mā aḍlalna, wa rabba -rriyāḥi wa mā dharayna; as'aluka khayra hādhihi -lqaryati wa khayra ahlihā wa khayra mā fīhā; wa a`ūdhu bika min sharrihā wa sharri ahlihā wa sharri mā fīhā. (O Allah, Panginoon ng pitong langit at ng mga nilililiman ng mga ito, Panginoon ng pitong lupa at ng mga pinapasan ng mga ito, Panginoon ng mga demonyo at mga iniligaw ng mga ito, Panginoon ng mga /hangin at ng mga ikinalat ng mga ito. Humihiling ako sa Iyo ng kabutihan para sa nayong ito, kabutihan para sa mga naninirahan dito, at kabutihan para sa anumang nasa loob nito. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito, kasamaan ng mga naninirahan dito, at kasamaang ng anumang nasa loob nito.)

## Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palengke

Lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa ḥayyun lā yamūt, biyadhi -lkhayr, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya ay Buhay, hindi mamamatay. Nasa kamay Niya ang kabutihan. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)

## Ang Du`ā' Kapag Nagloko ang Sinasasakyan

Bismi -llāh. (Sa ngalan ni Allah.)

## Ang Du`ā' ng Naglalakbay Para sa Nananatili

Astawdi`ukumu -llāha -lladhī lā taḍī`u wadā'i`ah. (Ipinaiingat ko kayo kay Allah na hindi mawawala sa piling Niya ang mga ipinaiingat sa Kanya.)

## Ang Du`ā' ng Nananatili Para sa Naglalakbay

Astawdi`u -llāha dīnak, wa amānatak, wa khawātīma `amalik. (Ipinaiingat ko kay Allah ang relihiyon mo, ang ipinagkatiwala mo, at ang mga pangwakas sa gawain mo.)

Zawwadaka -llāhu -ttaqwā, wa ghafara dhambak, wa yassara laka -lkhayra ḥaythu mā kunta. (Pabaunan ka ni Allah ng pangingilag sa pagkakasala, patawarin Niya ang pagkakasala mo, at padiliin Niya para sa iyo ang mabuti saan ka man naroon.)

## Ang Takbīr at ang Tasbīḥ sa Panahon ng Paglalakbay

Nagsabi si Jābir, malugod si Allah sa kanya:

Kami noon, kapag umaakyat, ay nagsasabi ng Allāhu akbar; at kapag naman bumababa, ay nagsabi ng Subḥāna --llāh (Napakamaluwalhati ni Allah).

## Ang Du`ā' ng Naglalakbay Kapag Nagmadaling-araw

Sami`a sāmi`um biḥamdi -llāhi wa ḥusni balā'ihi `alaynā. Rabbanā ṣāhibnā wa afḍil `alaynā `ā'idham bi-llāhi mina -nnār. (May makarinig nawa na isang nakaririnig sa papuri [natin] kay Allah at sa ganda ng pagpapala Niya sa atin. Panginoon namin, samahan Mo kami at magmagandang-loob Ka sa amin. Nagpapakupkop [ako] kay Allah laban sa Apoy.)

## Ang Du`ā' Kapag Tumigil sa Isang Lugar sa Paglalakbay o Iba pa

A`ūdhu bikalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq. (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa nilikha Niya.)

## Ang Dhikr sa Pagbabalik mula sa Paglalakbay

Magsasabi ng Allāhu akbar nang tatlong ulit sa bawat [pag-akyat sa] mataas na lugar. Pagkatapos ay magsasabi ng:

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. Āyibūna, tā'ibūna, `ābidūna, lirabbinā ḥāmidūn. Ṣadaqa -llāhu wa`dahu, wa naṣara `abdah, wa hazama -l'aḥzāba waḥdah. (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. [Tayo ay] mga umuuwi, na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na sa Panginoon natin ay mga nagpupuri. Tinotoo ni Allah ang pangako Niya, pinagtagumpay Niya ang Lingkod Niya, at ginapi Niya nang mag-isa ang mga magkakampi [laban sa Islam].)

## Ang Sasabihin ng Isang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya O Ikinaiinis

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag dinatnan siya noon ng bagay na ikinatutuwa niya ay nagsasabi:Alḥamdu lillāhi -lladhī bini`matihi tatimmu -ṣṣāliḥāt. (Ang papuri ay ukol kay Allah na sa pamamagitan ng biyaya Niya ay nalulubos ang mga matuwid na gawa.)at kapag naman dinatnan siya ng bagay na ikinaiinis niya ay nagsasabi:Alḥamdu lillāhi `alā kulli ḥāl. (Ang papuri ay ukol kay Allah sa lahat ng kalagayan.)

## Ang kainaman ng Panalangin Para sa Propeta Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang sinumang dumalangin [ng pagpagpapala] para sa akin ay pagpapalain siya ni Allah nang makasampu.Nagsabi pa ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Huwag ninyo gawin ang libingan ko na [pinagdarausan ng] pagdiriwang ngunit dumalangin kayo para sa akin sapagkat tunay na ang panalangin ninyo ay umaabot sa akin saanman kayo.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang kuripot ay ang sinumang nabanggit ako sa kanya ngunit hindi dumalangin para sa akin.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Si Allah ay tunay na may mga anghel na naglilibot sa lupa, na nagpaparating sa akin mula sa Kalipunan ko ng pagbati.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Walang isa mang bumati sa akin malibang ibinalik ni Allah sa akin ang kaluluwa ko hanggang sa maibalik ko sa kanya ang pagbati.

Nagsabi pa ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Huwag ninyo gawin ang libingan ko na [pinagdarausan ng] pagdiriwang ngunit dumalangin kayo para sa akin sapagkat tunay na ang panalangin ninyo ay umaabot sa akin saanman kayo.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang kuripot ay ang sinumang nabanggit ako sa kanya ngunit hindi dumalangin para sa akin.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Si Allah ay tunay na may mga anghel na naglilibot sa lupa, na nagpaparating sa akin mula sa Kalipunan ko ng pagbati.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Walang isa mang bumati sa akin malibang ibinalik ni Allah sa akin ang kaluluwa ko hanggang sa maibalik ko sa kanya ang pagbati.

## Ang Pagpapalaganap ng Pagbati

Nagsabi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang sumampalataya kayo at hindi kayo sasampalataya malibang magmamahalan kayo. At hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang [pagbati ng] kapayapaan sa pagitan ninyo.

May tatlong [katangiang] ang sinumang nakabuo nito ay nakabuo na sa pananampalataya: ang pagkamakatarungan sa sarili mo, ang pagbibigay ng pagbati sa nilalang, at ang paggugol [sa kawanggawa] sa kabila ng pagdarahop.

Ayon kay ‘Abdullah ibnu Omar kalugdan silang dalawa ni AllahMay isang lalaki na nagtanong sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan kung aling gawain sa Islam ang pinakamabuti. Nagsabi naman siya: Magbigay ka ng pagkain at bumigkas ng pagbati sa nakilala mo at sa hindi mo kilala.

May isang lalaki na nagtanong sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan kung aling gawain sa Islam ang pinakamabuti. Nagsabi naman siya: Magbigay ka ng pagkain at bumigkas ng pagbati sa nakilala mo at sa hindi mo kilala.

## Papaanong Ibabalik ang Pagbati sa Kāfir Kapag Bumati Ito

Kapag bumati sa inyo ang mga may kasulatan ay sabihin ninyo:Wa `alaykum (At sumainyo).

## Ang Du`ā' Pagkarinig ng Tilaok ng Tandang at Ungol ng Asno

Kapag nakarinig kayo ng tilaok ng tandang ay humingi kayo kay Allah ng kabutihang-loob Niya sapagkat iyon ay nakakita ng isang anghel. Kapag nakarinig kayo ng ungol ng asno ay magpakupkop kayo kay Allah laban sa demonyo sapagkat iyon ay nakakita ng isang demonyo.

## Ang Du`ā' Pagkarinig ng Kahol ng Aso sa gabi

Kapag nakarinig kayo ng kahol ng aso at ungol ng asno sa gabi ay magpakupkop kayo kay Allah laban sa mga iyon sapagkat ang mga iyon ay nakakikita ng hindi ninyo nakikita.

## Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nilait Mo

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Allāhumma fa'ayyumā mu'minin sababtuhu fa-j`al dhālika lahu qurbatan ilayka yawma -lqiyāmah. (O Allah, alinmang mananampalataya na nilait ko ay gawain Mo iyon para sa kanya na pampalapit-loob sa Iyo sa Araw ng Pagkabuhay.)

Allāhumma fa'ayyumā mu'minin sababtuhu fa-j`al dhālika lahu qurbatan ilayka yawma -lqiyāmah. (O Allah, alinmang mananampalataya na nilait ko ay gawain Mo iyon para sa kanya na pampalapit-loob sa Iyo sa Araw ng Pagkabuhay.)

## Ang Sasabin ng Muslim Kapag Pumuri ng Isang Muslim

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Kapag ang isa sa inyo ay hindi makaiiwas na pupuri sa kasama niya ay magsasabi siya: (Inaakala kong si pulano at si Allah ang sapat sa kanya, at hindi ko lilinisin bago kay Allah ang sinuman, inaakala kong -kung alam niya na yaon- si ganito ay ganito.)

Kapag ang isa sa inyo ay hindi makaiiwas na pupuri sa kasama niya ay magsasabi siya: (Inaakala kong si pulano at si Allah ang sapat sa kanya, at hindi ko lilinisin bago kay Allah ang sinuman, inaakala kong -kung alam niya na yaon- si ganito ay ganito.)

## Ang Sasabin ng Muslim Kapag Kinilalang Matuwid

Allāhumma lā tu'ākhidhnī bimā yaqūlūna wa -ghfir lī mā lā ya`lamūna [wa -j`alnī khayram mimmā yađđunnūn]. (O Allah, huwag Mo akong sisihin dahil sa sinasabi nila, patawarin Mo ako sa [kasalanang] hindi nila nalalaman, at gawin Mo ako na higit na mabuti kaysa sa inaakala nila.)

## Paano ang Talbiyah ng Muḥrim sa Ḥajj o `Umrah

Labbayka -llāhumma labbayk, labbayka lā sharīka laka labbayk, inna -lḥamda wa -nni`mata laka wa -lmulk, lā sharīka lak. (Bilang pagtugon sa Iyo, O Allah, bilang pagtugon sa Iyo; bilang pagtugon sa Iyo, wala Kang katambal; bilang pagtugon sa Iyo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.)

## Ang Pagsabi ng Allāhu Akbar Kapag Naparaan sa Al-Ḥajar Al-Aswad

Nagsagawa ng ṭawāf ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Ka`bah sakay ng kamelyo. Sa tuwing naparaan siya sa panulukan [na kinalalagyan ng Batong Itim] ay itinuturo niya iyon sa pamamagitan ng tungkod na dala niya at nagsasabi siya ng Allāhu akbar.

## Ang Du`ā' sa Pagitan ng Ar-Rukn Al-Yamānī at Al-Ḥajar Al-Aswad

Rabbanā ātinā fi --ddunyā ḥasanatan wa fī --l'ākhirati ḥasanatan wa qinā `adhāba --nnār. (Panginoon namin, bigyan Mo kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti rin; at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Apoy.)

## Ang Du`ā' Habang Nakatayo sa Ṣafā at Marwah

Noong napalapit ang Sugo Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Ṣafā ay binigkas niya ang:Inna -ṣṣafā wa --lmarwata min sha`ā'iri -llāhi.(Tunay na ang Ṣafā at ang Marwah ay kabilang sa mga sagisag ni Allah.)abda'u bimā bada'a -llāhu bih. (Nagsisimula ako sa sinimulan ni Allah.)Nagsimula siya [ng sa`y] sa Ṣafā at inakyat niya ito hanggang sa makita niya ang Ka`bah. Humarap siya sa Qiblah at nagsabi ng: Lā ilāha illa -llāh; Allāhu akbar (Walang Diyos kundi si Allah; si Allah ay pinakadakila). Nagsabi pa siya:Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu, -Anjaza wa`dah, wa naṣara `abdah, wa hazama -l'aḥzāba waḥdah. (Walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya. Tinotoo ni Allah ang pangako Niya, pinagtagumpay Niya ang Lingkod Niya, at ginapi Niya nang mag-isa ang mga magkakampi [laban sa Islam].)Pagkatapos ay dumalangin siya Sinabi niya ang tulad nito nang tatlong ulit.

Inna -ṣṣafā wa --lmarwata min sha`ā'iri -llāhi.(Tunay na ang Ṣafā at ang Marwah ay kabilang sa mga sagisag ni Allah.)

abda'u bimā bada'a -llāhu bih. (Nagsisimula ako sa sinimulan ni Allah.)

Nagsimula siya [ng sa`y] sa Ṣafā at inakyat niya ito hanggang sa makita niya ang Ka`bah. Humarap siya sa Qiblah at nagsabi ng: Lā ilāha illa -llāh; Allāhu akbar (Walang Diyos kundi si Allah; si Allah ay pinakadakila). Nagsabi pa siya:

Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu, -Anjaza wa`dah, wa naṣara `abdah, wa hazama -l'aḥzāba waḥdah. (Walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya. Tinotoo ni Allah ang pangako Niya, pinagtagumpay Niya ang Lingkod Niya, at ginapi Niya nang mag-isa ang mga magkakampi [laban sa Islam].)

Pagkatapos ay dumalangin siya Sinabi niya ang tulad nito nang tatlong ulit.

Ginawa niya sa Marwah ang gaya ng ginawa niya sa Ṣafā.

## Ang Du`ā' sa Araw ng `Arafah

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang napakamainam na panalangin ay ang panalangin sa araw ng `Arafah. Ang napakainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay: Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan).

Ang napakamainam na panalangin ay ang panalangin sa araw ng `Arafah. Ang napakainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay: Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan).

## Ang Dhikr sa Muzdalifah

Sumakay ang Sugo Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan kay Qaswā' hanggang sa makarating siya sa Muzdalifah at humarap siya sa Qiblah. Dumalangin siya. Nagsabi siya ng Allāhu akbar. Nagsabi siya ng Lā ilāha illa -llāh. Ipinagbunyi niya ang kaisahan ni Allah. Hindi siya huminto sa pagtayo hanggang sa nagliwanag na nang maigi. Lumisan siya bago tuluyang sumikat ang araw.

## Ang Takbīr sa Pagbato sa mga Jamarah sa bawat bato

Magsasabi ng Allāhu akbar sa bawat pagbato ng bato sa tatlong jamarah. Pagkatapos ay susulong at tatayo habang dumadalangin na nakaharap sa Qiblah habang itinataas ang mga kamay, pagkatapos ng una at ng ikalawang jamarah.

Tungkol naman sa huling jamarah, magbabato rin dito at magsasabi ng Allāhu akbar sa bawat pagbato. Lilisan [pagkatapos] at hindi na tatayo sa tabi nito.

## Ang Du`ā' sa Paghanga at Bagay na Nakatutuwa

Subḥāna --llāh. (Napakamaluwalhati ni Allah.)

Allāhu akbar. (Si Allah ay pinakadakila.)

## Ang Sasabihin ng Isang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya

Ang Propeta noon, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag dinatnan siya ng isang bagay na nagpapatuwa sa kanya o natutuwa siya dahil doon, ay nagpapatirapa siya bilang pasasalamat kay Allah, napakamapagpala Niya at pagkataas-taas Niya.

## Ang Sasabihin ng Isang Nakaramdam ng Pananakit sa Katawan

Ilagay mo ang kamay mo sa nananakit na bahagi ng katawan mo at magsasabi ka ng Bismi -llāhi (Sa ngalan ni Allah) at magsasabi ka naman nang pitong ulit ng: A`ūdhu bi-llāhi wa qudratihi min sharri mā ajidu wa uḥādhir (Nagpapakupkop ako kay Allah at sa kapangyarihan Niya laban sa anumang nararamdaman ko at pinangingilagan ko).

## Ang Gagawin ng Isang Natakot na Makausog ng Anuman

Kapag nakakita ang isa sa inyo mula sa kapatid niya o mula sa sarili nito o mula sa yaman nito ng hinahangaan niya ay dumalangin siya na biyayaan ito sapagkat tunay na ang usog ay totoo.

## Ang Sasabihin sa Sandali ng Hilakbot

Lā ilāha illa -llāh! (Walang Diyos kundi si Allah!)

## Ang Sasabihin sa Sandali ng Pagkakatay

Bismi -llāh; wa -llāhu akbar; Allāhumma minka wa laka; Allāhumma taqabbal minnī. Sa ngalan ni Allah. Si Allah ay pinakadakila. (O Allah, mula sa Iyo at para sa Iyo. O Allah, tanggapin Mo mula sa akin.)

## Ang Sasabihin Laban sa Pakana ng mga Demonyo

A`ūdhu bikalimāti -llāhi -ttāmmāti -llatī lā yujāwizuhunna barrun wa lā fājirun min sharri mā khalaqa wa bara'a wa dhara'a, wa min sharri mā yanzilu mina -ssamā'i, wa min sharri mā ya`ruju fīhā, wa min sharri mā dhara'a fi-l'arḍi, wa min sharri mā yakhruju minhā, wa min min sharri fitani -llayli wa -nnahāri, wa min sharri kulli ṭāriqin illā ṭāriqan yaṭruqu bikhayrin yā raḥmān. (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah, na hindi malalampasan ng nagpapakabuti ni ng masamang-loob, laban sa kasamaan ng nilikha Niya, ginawa Niya, at nilalang Niya, laban sa kasamaan ng anumang bumababa mula sa langit, laban sa kasamaan ng anumang umaakyat doon, laban sa kasamaan ng anumang nilalang sa lupa, laban sa kasamaan ng anumang lumalabas mula rito, laban sa kasamaan ng mga pagsubok sa gabi at maghapon, laban sa kasamaan ng bawat dumadalaw sa gabi maliban sa isang dumadalaw sa gabi na may dalang kabutihan, O Napakamaawain.)

## Ang Paghingi ng Tawad at ang Pagbabalik-loob

Nagsabi ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Sumpa man kay Allah, tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allah at nagbabalik-loob sa kanya nang higit sa pitumpung ulit sa isang araw.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allah sapagkat ako ay nagbabalik-loob sa kanya nang isandaang ulit sa isang araw.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Astaghfiru -llāha -l`adhīma -lladhī lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm wa atūbu ilayhi. (Humihingi ako ng tawad kay Allah, ang Sukdulan, na walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapagpanatili, at nagbabalik-loob ako sa Kanya.) Mapapatawad siya ni Allah kahit pa na tumakas siya sa labanan.Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang pinakamalapit [na sandali] ng Panginoon sa lingkod ay sa kalagitnaan ng huling bahagi ng gabi. Kaya kung makakaya mo na maging kabilang sa mga nakaaalala kay Allah sa oras na iyon ay maging isa ka.At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagdalangin.At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Tunay na talagang nalalambungan ang puso ko at tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allah ng isandaang ulit sa isang araw.

Sumpa man kay Allah, tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allah at nagbabalik-loob sa kanya nang higit sa pitumpung ulit sa isang araw.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allah sapagkat ako ay nagbabalik-loob sa kanya nang isandaang ulit sa isang araw.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Astaghfiru -llāha -l`adhīma -lladhī lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm wa atūbu ilayhi. (Humihingi ako ng tawad kay Allah, ang Sukdulan, na walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapagpanatili, at nagbabalik-loob ako sa Kanya.) Mapapatawad siya ni Allah kahit pa na tumakas siya sa labanan.

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang pinakamalapit [na sandali] ng Panginoon sa lingkod ay sa kalagitnaan ng huling bahagi ng gabi. Kaya kung makakaya mo na maging kabilang sa mga nakaaalala kay Allah sa oras na iyon ay maging isa ka.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa, kaya damihan ninyo ang pagdalangin.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Tunay na talagang nalalambungan ang puso ko at tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allah ng isandaang ulit sa isang araw.

## Ang Kainaman ng Tasbīḥ, Taḥmīd, Tahlīl, at Takbīr

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang sinumang nagsabi ng: Subhā -llāhi wa bihmadih (Napakamaluwalhati ni Allah at kalakip ng papuri sa Kanya) nang isandaang ulit sa isang araw ay maaalis ang mga kamalian niya kahit pa man singdami ng mga bula ng dagat.At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang sinumang nagsabi ng: Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan) nang sampung ulit ay gaya ng isang nagpalaya ng apat na tao na kabilang sa mga anak ni Ismael.At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:May dalawang pangungusap na magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ang gantimpala], kaibig-ibig sa Napakamaawain:At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang magsabi ako ng subḥāna --llāh, alḥamdu lillāh, lā ilāha illa -llāh, at Allāhu akbar (napakamaluwalhati ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, at si Allah ay pinakadakila) ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa anumang sinisikatan ng araw.At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Nanghihina ba ang isa sa inyo na magkamit ng isang libong magandang gawa sa isang araw?Kaya tinanong siya ng isa sa mga katabi niya: Papaanong magkakamit ang isa sa amin ng isang libong magandang gawa?Nagsabi siya: Magsasabi siya ng isandaang subḥāna --llāh at magtatala para sa kanya ng isang libong magandang gawa o mag-aalis para sa kanya ng isang libong kamalian.

Ang sinumang nagsabi ng: Subhā -llāhi wa bihmadih (Napakamaluwalhati ni Allah at kalakip ng papuri sa Kanya) nang isandaang ulit sa isang araw ay maaalis ang mga kamalian niya kahit pa man singdami ng mga bula ng dagat.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang sinumang nagsabi ng: Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan) nang sampung ulit ay gaya ng isang nagpalaya ng apat na tao na kabilang sa mga anak ni Ismael.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

May dalawang pangungusap na magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ang gantimpala], kaibig-ibig sa Napakamaawain:

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang magsabi ako ng subḥāna --llāh, alḥamdu lillāh, lā ilāha illa -llāh, at Allāhu akbar (napakamaluwalhati ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, at si Allah ay pinakadakila) ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa anumang sinisikatan ng araw.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Nanghihina ba ang isa sa inyo na magkamit ng isang libong magandang gawa sa isang araw?

Kaya tinanong siya ng isa sa mga katabi niya: Papaanong magkakamit ang isa sa amin ng isang libong magandang gawa?

Nagsabi siya: Magsasabi siya ng isandaang subḥāna --llāh at magtatala para sa kanya ng isang libong magandang gawa o mag-aalis para sa kanya ng isang libong kamalian.

Ang sinumang nagsabi ng: Subḥāna --llahi --l`ađīm wa biḥamdihi (Napakamaluwalhati ni Allah, ang Sukdulan, at kalakip ng papuri sa Kanya) ay magtatanim para sa kanya ng isang punong datiles sa Paraiso.

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:"O Abdullāh ibnu Qays, hindi ba ako maggagabay sa iyo tungo sa isang tagong kayamanan mula sa mga tagong kayamanan ng Paraiso?" Sinabi ko: "Opo, O Sugo ni Allah.” Sinabi niya: "Sabihin mo: Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah)."At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Ang pinakakaibig-ibig na pananalita para kay Allah ay apat: Subḥāna --llāh, alḥmadu lillāh, lā ilāha illa -llāh, Allāhu akbar (Napakamaluwalhati ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, walang Diyos kundi si Allah, at si Allah ay pinakadakila.  Hindi ka mapipinsala kung sa alin man sa mga ito ka nagsimula).

"O Abdullāh ibnu Qays, hindi ba ako maggagabay sa iyo tungo sa isang tagong kayamanan mula sa mga tagong kayamanan ng Paraiso?" Sinabi ko: "Opo, O Sugo ni Allah.” Sinabi niya: "Sabihin mo: Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah)."

At nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:

Ang pinakakaibig-ibig na pananalita para kay Allah ay apat:  Subḥāna --llāh, alḥmadu lillāh, lā ilāha illa -llāh, Allāhu akbar (Napakamaluwalhati ni Allah, ang papuri ay ukol kay Allah, walang Diyos kundi si Allah, at si Allah ay pinakadakila.  Hindi ka mapipinsala kung sa alin man sa mga ito ka nagsimula).

May pumuntang isang Arabeng taga-Disyerto sa Sugo ni Allah Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan at nagsabi: Turuan mo ako ng pananalitang sasabihin ko. Nagsabi siya: Sabihin mo: Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, Allāhu akbar kabīrā, alḥamdu lillāhi kathīrā, subḥāna --llāhi rabbi-l`ālamīn, lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāhi --l`azīzi --lḥakīm (Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya: wala Siyang katambal. Si Allah ay pinakadakila sa pagkadaki-dakila. Ang papuri ay ukol kay Allah sa pagkarami-rami. Napakamaluwalhati ni Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah, ang Matatag, ang Marunong). Nagsabi ito: Ang mga ito ay para sa Panginoon ko at ano ang para sa akin? Nagsabi siya: Sabihin mo: Allāhumma -ghfir lī, wa -hdinī, wa -rzuqnī (O Allah, patawarin Mo ako, patnubayan Mo ako, at tustusan Mo ako).

Noong ang isang lalaki ay yumakap sa Islam ay tinuruan ito ng Propeta Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Pagkatapos ay inutusan niya ito na dumalangin sa pamamagitan ng mga pananalitang ito:Allāhumma -ghfir lī, wa -rḥamnī, wa -hdinī, wa `āfinī, wa -rzuqnī. (O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, palusugin Mo ako, at tustusan Mo ako.)

Allāhumma -ghfir lī, wa -rḥamnī, wa -hdinī, wa `āfinī, wa -rzuqnī. (O Allah, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, palusugin Mo ako, at tustusan Mo ako.)

Tunay na ang pinakamainam na Du`ā' ay: Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allah) at ang pinakamainam na dhikr ay: Lā ilāha illa -llāh. (Walang Diyos kundi si Allah).

Ang mga matuwid na gawang mananatili ay [ang pagsasabi ng]: Subḥāna --llāh, alḥmadu lillāh, lā ilāha illa -llāh, Allāhu akbar, lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāhi (Napakamaluwalhati ni Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah. Walang Diyos kundi si Allah. si Allah ay pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah).

## Paano Noon ang Propepta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan Nagluluwalhati kay Allah?

Ayon kay `Abdullāh bin Amr, kalugdan silang dalawa ni Allah:Nakita ko ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagbibilang sa kanang kamay niya ng pagluluwalhati.Sa kargdagang pahayag: sa pamamagitan ng kanang kamay niya.

Nakita ko ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagbibilang sa kanang kamay niya ng pagluluwalhati.

Sa kargdagang pahayag: sa pamamagitan ng kanang kamay niya.

## Ilan sa mga Uri ng Kabutihan at mga Masaklaw na Magandang Asal

Nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:Kapag sumapit ang gabi o gumabi na ay papasukin ninyo ang mga paslit ninyo sapagkat tunay na ang mga demonyo ay kumakalat sa sandaling iyon. Kapag lumipas ang isang bahagi ng gabi ay hayaan ninyo sila. Isara ninyo ang mga pintuan at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah sapagkat tunay na ang demonyo ay hindi makabubukas ng pintong nakasara. Talian ninyo ang mga yari sa balat na sisidlan ng tubig ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah. Takpan ninyo ang mga lalagyan ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah kahit pa man naglagay kayo sa mga ito ng anuman. Patayin ninyo ang mga ilaw ninyo.

Kapag sumapit ang gabi o gumabi na ay papasukin ninyo ang mga paslit ninyo sapagkat tunay na ang mga demonyo ay kumakalat sa sandaling iyon. Kapag lumipas ang isang bahagi ng gabi ay hayaan ninyo sila. Isara ninyo ang mga pintuan at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah sapagkat tunay na ang demonyo ay hindi makabubukas ng pintong nakasara. Talian ninyo ang mga yari sa balat na sisidlan ng tubig ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah. Takpan ninyo ang mga lalagyan ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allah kahit pa man naglagay kayo sa mga ito ng anuman. Patayin ninyo ang mga ilaw ninyo.

Pagpalain ni Allah, pangalagaan, at biyayaan ang Propeta natin si Muhammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya lahat sila.

Ang Muog ng Muslim Ilan sa mga Panalangin mula sa Qur'an at Sunnah........................................... 1
Ang Panimula ..................................................................................................................... 2
Ang Kainaman ng Dhikr ..................................................................................................... 2
Ang mga Dhikr Pagkagising ................................................................................................ 3
Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Damit....................................................................................... 4
Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Bagong Damit.......................................................................... 4
Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsuot ng Bagong Damit........................................................... 4
Ang Sasabihin Bago Maghubad ng Damit .......................................................................... 5
Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palikuran................................................................................... 5
Ang Du`ā' sa Paglabas sa Palikuran.................................................................................... 5
Ang Dhikr Bago Magsagawa ng Wudū'................................................................................ 5
Ang Dhikr Matapos Magsagawa ng Wudū' .......................................................................... 5
Ang Dhikr sa Paglabas ng Bahay ........................................................................................ 5
Ang Dhikr sa Pagpasok ng Bahay ....................................................................................... 5
Ang Du`ā' sa Pagpunta sa Masjid........................................................................................ 5
Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Masjid ....................................................................................... 6
Ang Du`ā' sa Paglabas ng Masjid........................................................................................ 6
Ang mga Dhikr Kaugnay sa Adhān...................................................................................... 6
Ang Du`ā' sa Pagpapasimula sa Salāh................................................................................. 6
Ang Du`ā' sa Pagyukod....................................................................................................... 8
Ang Du`ā' sa Pag-angat Mula sa Pagkakayukod ................................................................. 8
Ang Du`ā' Kapag Nagpapatirapa ........................................................................................ 8
Ilan sa mga Du`ā' sa Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa.......................................... 9
Ang Du`ā' sa Sujūd at-Tilāwah ........................................................................................... 9
Ang Tashahhud ................................................................................................................ 9
Ang Du`ā' Matapos ang Huling Tashahhud Bago ang Salām ............................................ 10
Ang mga Dhikr Matapos ang Salām ng Salāh.................................................................... 11
Ang Du`ā' sa Ṣalātul'istikhārah ........................................................................................ 12
Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi ................................................................................... 12
Ang mga Dhikr sa Pagtulog.............................................................................................. 15
Ang Du`ā' Kapag Bumiling-biling sa Gabi ........................................................................ 17
Ang Du`ā' Para saTakot sa Pagtulog at Para sa Sinumang Dumaranas ng Pangungulila.............. 17
Ang Gagawin Kapag Nanaginip ng Mabuti o Masama ..................................................... 17
Ang Du`ā' sa Qunūt sa Witr.............................................................................................. 17
Ang Dhikr Pagkatapos ng Salām sa Witr ......................................................................... 18

Ang Du'ā sa Pag-aalala at Kalungkutan ... 18
Ang Du`ā' sa Pagdadalamhati ... 18
Ang Du`ā' sa Pakikipagtagpo sa Kaaway at May Kapamahalaanan ... 19
Ang Du`ā' ng Isang Nangamba sa Paniniil ng May Kapamahalaanan ... 19
Ang Du`ā' Laban sa Kaaway ... 19
Ang Sasabihin ng Sinumang Natatakot sa Pamiminsala ng Ibang Tao ... 19
Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Pagdududa sa Pananampalataya ... 19
Panalangin sa Pagbabayad ng Utang ... 20
Ang Du`ā' Laban sa Panggagambala ng Demonyo sa Sandali ng Ṣalāh at Pagbabasa ng Qur'an 20
Ang Du`ā' ng Sinumang Nahirapan sa Isang Bagay ... 20
Ang Gagawin at Sasabihin ng Sinumang Nagkasala ng Isang Pagkakasala ... 20
Ang Du`ā' ng Pagtataboy sa Demonyo at mga Bulong Nito ... 20
Ang pagsambit ng mga dhikr at ang pagbigkas ng Qur'an ... 20
Ang Pagbati sa Pinagkalooban ng Anak at ang Pagtugon Nito ... 20
Ang Du`ā' sa Pagpapakupkop sa mga Bata kay Allah ... 21
Ang Du`ā' Para sa Maysakit sa Pagdalaw sa Kanya ... 21
Ang Kainaman ng Pagdalaw sa Maysakit ... 21
Ang Du`ā' ng Maysakit na Nawawalan ng Pag-asa sa Buhay Niya ... 21
Ang Pagpapabigkas ng Shahādah sa Naghihingalo ... 21
Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Isang Kasawian ... 21
Ang Du`ā' sa Pagpapapikit sa Patay ... 21
Ang Du`ā' Para sa Patay sa Ṣalāh Para sa Kanya ... 22
Ang Du`ā' Para sa Namatay na Bata sa Ṣalāh Para sa Kanya ... 22
Ang Du`ā' ng Pakikiramay ... 23
Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapasok sa Patay sa Libingan ... 23
Ang Du`ā' Matapos ang Paglilibing sa Patay ... 23
Ang Du`ā' sa Pagdalaw sa mga Libingan ... 23
Ang Du`ā' Kapag Umihip ang Hangin ... 23
Ang Du`ā' sa Pagkulog ... 23
Ilan sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Ulan ... 23
Ang Du`ā' Kapag Bumuhos ang Ulan ... 24
Ang Du`ā' Matapos ang Pagbuhos ng Ulan ... 24
Isa sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Pagtila ng Ulan ... 24
Ang Du`ā' sa Pagkakita ng Bagong Buwan ... 24
Ang Du`ā' sa Sandali ng Ifṭār ... 24

Ang Du`ā' Bago Kumain ........................................................................................ 24
Ang Du`ā' Kapag Natapos Kumain ........................................................................ 24
Ang Du`ā' ng Panauhin sa May-ari ng Pagkain.......................................................... 24
Ang Du`ā' Kapag Nagsagawa ng Iftār sa Piling ng Isang Mag-anak ............................. 25
Ang Du`ā' ng Nag-aayuno Kapag Dinalhan ng Pagkain at Hindi Kumain........................ 25
Ang Sasabihin ng Nag-aayuno Kapag Inalipusta Siya ............................................... 25
Ang Du`ā' Pagkakita ng Unang Bunga ng Datiles ...................................................... 25
Ang Du`ā' sa Pagbahin ......................................................................................... 25
Ang Sasabihin sa Kāfir Kapag Bumahin Siya at Nagpuri............................................. 25
Ang Du`ā' sa Bagong Kasal .................................................................................. 25
Ang Du`ā' ng Magpapakasal at sa Pagbili ng Hayop.................................................. 25
Ang Du`ā' Bago Makipagtalik sa Maybahay............................................................. 26
Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkagalit......................................................................... 26
Ang Du`ā' ng Nakakita ng Isang Dinapuan ng Kasawian ............................................ 26
Ang Sinasabi sa Pagtitipon.................................................................................... 26
Ang du`ā' na Panakip-sala Matapos ang Pagtitipon ................................................... 26
Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabi sa iyo ng: Ghafara -llahu lak (Magpatawad Nawa si Allah sa iyo). ........................................................................................................................ 26
Ang Du`ā' Para sa Sinumang Gumawa sa Iyo ng Mabuti ............................................ 26
Ang Pananggalang Mula kay Allah Laban sa Bulaang Kristo ...................................... 26
Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabing mahal Kita Alang-alang kay Allah. ....................... 26
Ang Du`ā' Para sa Isang Nag-alok sa Iyo ng Yaman Niya........................................... 26
Ang Du`ā' Para sa Isang Nagpautang sa Sandali ng Pagbabayad ............................... 27
Ang Du`ā' sa Pangamba sa Shirk........................................................................... 27
Ang Du`ā' Para sa Isang Nagsabi sa Iyo ng Bāraka -llāhu fīka (Pagpalain Ka ni Allah). ................ 27
Ang Du`ā' ng Pagkasuklam sa Paniniwala sa Dahilan ng Kamalasan ........................... 27
Ang Du`ā' sa Pagsakay......................................................................................... 27
Ang Du`ā' ng Naglalakbay...................................................................................... 27
Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Nayon o Bayan .............................................................. 28
Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palengke....................................................................... 28
Ang Du`ā' Kapag Nagloko ang Sinasasakyan........................................................... 28
Ang Du`ā' ng Naglalakbay Para sa Nananatili .......................................................... 28
Ang Du`ā' ng Nananatili Para sa Naglalakbay .......................................................... 28
Ang Takbīr at ang Tasbīḥ sa Panahon ng Paglalakbay............................................... 28
Ang Du`ā' ng Naglalakbay Kapag Nagmadaling-araw................................................. 28

Ang Du`ā' Kapag Tumigil sa Isang Lugar sa Paglalakbay o Iba pa.............................................. 28
Ang Dhikr sa Pagbabalik mula sa Paglalakbay ........................................................................... 29
Ang Sasabihin ng Isang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya O Ikinaiinis ...................... 29
Ang kainaman ng Panalangin Para sa Propeta Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan................ 29
Ang Pagpapalaganap ng Pagbati ................................................................................................. 29
Papaanong Ibabalik ang Pagbati sa Kāfir Kapag Bumati Ito......................................................... 30
Ang Du`ā' Pagkarinig ng Tilaok ng Tandang at Ungol ng Asno .................................................... 30
Ang Du`ā' Pagkarinig ng Kahol ng Aso sa gabi........................................................................... 30
Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nilait Mo........................................................................................ 30
Ang Sasabin ng Muslim Kapag Pumuri ng Isang Muslim ............................................................. 30
Ang Sasabin ng Muslim Kapag Kinilalang Matuwid...................................................................... 30
Paano ang Talbiyah ng Muḥrim sa Ḥajj o `Umrah......................................................................... 31
Ang Pagsabi ng Allāhu Akbar Kapag Naparaan sa Al-Ḥajar Al-Aswad.......................................... 31
Ang Du`ā' sa Pagitan ng Ar-Rukn Al-Yamānī at Al-Ḥajar Al-Aswad.............................................. 31
Ang Du`ā' Habang Nakatayo sa Ṣafā at Marwah ......................................................................... 31
Ang Du`ā' sa Araw ng `Arafah...................................................................................................... 32
Ang Dhikr sa Muzdalifah .............................................................................................................. 32
Ang Takbīr sa Pagbato sa mga Jamarah sa bawat bato .............................................................. 32
Ang Du`ā' sa Paghanga at Bagay na Nakatutuwa ....................................................................... 32
Ang Sasabihin ng Isang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya ....................................... 32
Ang Sasabihin ng Isang Nakaramdam ng Pananakit sa Katawan ................................................. 32
Ang Gagawin ng Isang Natakot na Makausog ng Anuman ........................................................... 32
Ang Sasabihin sa Sandali ng Hilakbot ......................................................................................... 33
Ang Sasabihin sa Sandali ng Pagkakatay..................................................................................... 33
Ang Sasabihin Laban sa Pakana ng mga Demonyo ..................................................................... 33
Ang Paghingi ng Tawad at ang Pagbabalik-loob........................................................................... 33
Ang Kainaman ng Tasbīḥ, Taḥmīd, Tahlīl, at Takbīr ..................................................................... 34
Paano Noon ang Propepta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan Nagluluwalhati kay Allah?...... 35
Ilan sa mga Uri ng Kabutihan at mga Masaklaw na Magandang Asal ........................................... 36